

CHAPTER 1

Gideon

“Congratulations! Tanggap ka na sa trabaho.”
Walang mapagsidlan ang kasiyahan na nadarama ko ngayon dahil sa wakas, makalipas ang kalahating taon, natanggap na rin ako sa trabaho. At sa isang malaking hotel pa! Kahit housekeeper lang ay malaking bagay na iyon para sa akin dahil malaki rin ang sasahurin. Akala ko, hindi na ako matatanggap dahil sa edad kong treinta.

Marami na rin akong napasukang trabaho ngunit hindi ako nagtatagal. Maraming nagtulak na mag-artista at magmodelo ako dahil guwapo raw ako. Pero nawalan ako ng kumpiyansa sa sarili dahil sa sunud-sunod kong pagkabigo. Hindi ko nararating ang spotlight dahil maraming mas magaling at mas

bata, kaya tumigil din ako at naghanap na lang ng ibang trabaho.

Iyon nga lang, hindi ako nare-regular dahil associate course lang ang natapos ko at hindi na updated ang kaalaman ko sa I.T. Nagkasya na lamang ako sa palipat-lipat na trabaho at kakarampot na suweldo.

Pero ngayon, may trabaho na talaga ako. Trabahong matino. Maiiwasan ko na rin ang mag-isip na gumawa ng imoral para kumita ng pera.

“Mga kuya!” tawag ko nang makauwi sa bahay.

“Makasigaw naman ’to, ’kala mo may sunog,” ani Kuya El na sumilip mula sa kusina.

Lumapit ako sa kanya at inakbayan siya. “Happy lang.”

“Bakit ka naman happy, aber?” tanong ni Kuya Den na nasa likuran na pala namin. Katabi niya si Kuya Fred.

“Ano’ng ikinasasaya ng guwapo naming kapatid?” sabi naman ng huli.

“Ano muna ulam?” nakangisi kong tanong sa kanila.

“Ay teka, iyong niluluto ko pala. Masusunog na!” Nagmamadaling kumawala sa pagkaakbay ko si Kuya El at pinuntahan ang niluluto.

“Ikaw, alam mo, puro ka ulam. Mabuti sana kung may naiaambag ka,” nakasimangot na saad ni Kuya Den sa akin.

“Ang ganda ’ata ng kuya ko ngayon, ah. Pa-kiss nga.” Lumapit ako sa kanya at hinalikan siya sa pisngi. Nanatili siyang nakasimangot. “Uy, ngingiti na ’yan.”

Tinabig niya ang kamay ko. “Tse ka! Kung hindi lang kita kapatid.” Napabaling siya sa kusina. “Hoy, bakla! Bilisan mo nga diyan! Gutom na kami. Tao lang din kami!”

“Ikaw kaya ang magluto, baklang ’to!”

“Bilis na kasi. Kupad, eh. Oh ikaw, bakla, mamaya ka na magkuwento. Ilagay mo na ang mga kubyertos sa mesa.”

“Kuya, hindi ako bakla,” sagot ko.

“Endearment lang ng mga bakla ’yon, Gideon. Huwag ka ngang defensive. Baka malaman na lang namin, nagsusuot ka na ng panty at bra ha.”

“Agree, bakla! Minsan napapansin ko diyan sa bunso natin, pumipilantik ang daliri. Baka mas babae pa sa atin ’yan! Maloloka ako,” segunda naman ni Kuya Fred.

“Eh, di bongga! Kumpleto na ang mga bakla sa pamilya natin. Malditang bakla!” turo ni Kuya El sa

sarili. “Malanding bakla,” turo naman niya kay Kuya Den. “Madramang bakla,” tinapunan siya ni Kuya Fred ng dalang bimpo, “and of course... pamintang bakla!”

Lahat sila ay tumawa. Napailing na lang ako at kumuha na ng mga kubyertos.

Talo lang ako kapag pinatulan ko pa sila. Sanay na ako sa mga biro nila. Pero kahit ganoon sila, hindi naman nila ako pinababayaan. Mahal nila ako at mahal ko rin sila. Hindi ko yata kakayaning mabuhay kapag nawala sila sa tabi ko.

“O, ano pala iyong sasabihin mo kanina?” untag ni Kuya El nang nasa hapag-kainan na kaming lahat.

“Natanggap lang naman ako bilang housekeeper sa *Blue Leaf Hotel*.”

Napatigil sila sa pagkain.

“Hindi ka ba nakasinghot?” diskyumpadong tanong ni Kuya Den.

“Hindi nga, bunso? Nakapasok ka sa hotel na ’yon?”

Ngumiti ako.

“Bongga! Mabuti naman at natanggap ka na sa trabaho. Pero baka sa club ng hotel ’yan ha? Huwag mo kaming pinagloloko, sinasabi ko sa ’yo.”

“Hindi, Kuya El, hotel talaga ’to. Alam mo

namang ayaw ko sa mga ganoong lugar.”

“Makakapag-ambag ka na rin, bunso. I-celebrate natin 'yan!” sabat ni Kuya Fred.

Napuno ng tawanan naming magkakapatid ang hapag-kainan.

Pagkatapos kumain ay agad akong pumasok sa aking kuwarto. Kinuha ko ang cellphone at tinawagan si Elsa, ang kasalukuyang girlfriend ko.

Nangunot ang noo ko nang hindi siya sumasagot. Marahil tulog na siya.

Pagkatapos ng ilang beses na tawag ay nag-text na lamang ako. Hindi na ako nag-isip nang masama. Hindi kagaya dati na hindi niya lang masagot ang tawag ko ay kung anu-ano na ang naiisip ko. Ngayon, wala na lang sa akin kung hindi siya sumagot. Siguro dahil sa edad at maturity. At saka papunta na kasi kami sa stage ng pag-aasawa.

Pero mahal ko naman si Elsa. Sigurado akong siya na ang gusto kong makasama habambuhay.

Kinabukasan ay maaga akong nagising. Aasikasuhin ko kasi ang requirements para sa trabaho. Maaga kong pinuntahan ang mga ahensya para hindi ako maabutan ng mahabang pila. Mag-a-alas cinco ng hapon na ako natapos.

Halos bumagsak ang katawan ko sa matinding

pagod. Subalit nagawa ko pa ring isumite ang mga requirements at maaari na akong magsimula sa susunod na tatlong araw.

Sumapit ang unang araw ng trabaho. Maaga ulit akong nagising para iwas-trapik. Laking pasalamat ko naman na nakarating ako nang maaga sa hotel.

Hindi pa rin nawawala ang pagkamangha ko dito, lalo na nang makapasok ako sa bawat kuwarto. Dahil nagsisimula pa lang, may nagturo muna sa akin. Mabilis naman akong natuto sa pagdaan ng ilang araw.

“Bukas, magkakaroon ng malaking pagtitipon sa convention hall. Maraming darating na bisita kaya kailangan ng karagdagang tao para roon,” anunsyo ng head namin.

Napili ako bilang isa sa mga waiter sa nasabing event. Kailangan ko ring mag-overtime dahil sa gabi raw ito gaganapin. May extra bayad naman ito kaya ayos lang. Normal naman iyon sa trabaho.

Breaktime nang maisipan kong tawagan si Elsa. “Kumusta na?”

“Okay naman. Pero busy ako ngayon. ’Maya na lang, ’bye!” Bago pa man ako makapagsalita, naputol na ang linya.

Hindi ko alam pero pakiramdam ko, nagiging

malamig na ang pakikitungo sa akin ni Elsa. Isang linggo na rin kaming hindi nagkikita at kahit sa tawag o text ay hindi kami nakakapag-usap nang maayos.

Naiintindihan ko naman siya dahil alam kong marami siyang ginagawa. Bukod sa pagiging waitress, nagbebenta rin siya ng cosmetic products at kung anu-ano pa kapag free niya.

Ang pagiging masipag naman ang nagustuhan ko kay Elsa. Marunong kumayod sa buhay, at higit sa lahat, mapagmahal sa pamilya. Kaya alam kong magiging mabuti siyang maybahay at ina sa mga magiging anak namin kung sakali.

Inilagay ko na lamang sa locker ko ang cellphone. Mamaya ko na lang ulit siya kakausapin kapag nakauwi na ako.

Maaga rin kaming pinauwi ng aming head upang makapaghanda para sa event na gaganapin mamaya, at para na rin makapaghinga.

Sa pagkakaalam ko, ang event ay para sa pagsalubong at pagpapakilala sa bagong tagapagtaguyod ng hotel. Isang malaking oportunidad na rin na makita ko ito dahil baka isang araw ay bigla na lang akong ipatawag o bigyan ng sanction dahil hindi ko ito nagawang batiin nang

magkasalubong kami.

Maaga sa inaasahan ang pagsisimula ng event. Hindi naman mahirap ang ginagawa naming mga waiter dahil magse-serve lang kami ng drinks. Nakakatawa lang dahil napagkamalan pa akong bisita kanina. Kung hindi lang talaga sa hawak kong tray ay hindi mapapansin na isa pala akong waiter.

Habang nagse-serve, may napansin akong pamilyar na pigura ng babae. Hindi ko alam kung namamalikmata lang ako, pero hindi na naalis ang mata ko sa kanya. At halos mabitawan ko ang hawak na tray nang tuluyan kong mapagsino siya.

Si Elsa.

Ano'ng ginagawa niya rito? Bakit nakasuot siya ng eleganteng damit?

Mas dumoble ang pagtataka ko nang hawakan siya ng katabing lalaki sa baywang. Matangkad ang huli at mukhang banyaga. Sa suot nito, hindi maikakailang mayaman ito.

Lumukob ang pamilyar na pakiramdam sa puso ko. Hindi ako makagalaw at parang naitulos sa aking kinatatayuan. Nakatingin lamang ako sa kanila na ngayon ay masayang nakikipag-usap sa ibang mga bisita.

Hindi ko na kailangan ng paliwanag. Kitang-kita

na ng dalawang mata ko ang katotohanang niloloko ako ng aking kasintahan. Sa muling pagkakataon, nasawi na naman ako sa pag-ibig.

Nakuha ko lang kumilos nang may kumausap sa aking bisita—babae at mukhang may-edad na. Tinatanong niya ang pangalan ko.

Pinilit kong ngumiti at magsalita ngunit hindi ko nagawang tumagal dahil alam ko na ang pakay siya sa akin. At isa pa, masakit ang puso ko para makipag-usap pa sa ibang tao.

Umalis ako sa bulwagan at nagpaalam sa mga kasamahan ko. Tinungo ko agad ang banyo. Doon ko inilabas ang lahat. Sinuntok ko ang pader nang paulit-ulit at tinatanong ang sarili kung saan na naman ako nagkulang. Maraming tanong ngunit sa huli, alam kong iisa rin ang nagiging sagot.

Pero mas masakit yata ngayon. Tatlong taon kong pinaghirapan ang relasyon na ito, pero mauwi lang pala sa wala ang lahat.

Naalala kong may trabaho pa pala ako. Isasantabi ko na muna ito. Pagkatapos ayusin ang sarili ay bumalik ako sa convention hall. Hindi ko na naabutan ang pagpapakilala sa bagong Operations Manager. Nawalan ako ng interes at tila nawala rin sa sarili. Pero ipinagpatuloy ko pa rin ang trabaho.

Tuloy ang buhay.

Hindi ako umuwi pagkatapos ng event. Pinayagan naman din kami ng head na matulog sa employees' quarter dahil hatinggabi naman na.

Hindi muna ako natulog. Pumasyal ako sa dalampasigan na nasa likod lang ng hotel, bitbit ang isang bote ng beer para pakalmahin ang sarili.

Nakarating ako sa pinakadulong bahagi ng dalampasigan na malimit pinupuntahan ng mga tao. Umupo ako sa buhanginan. Binuksan ko ang beer at nilagok ang laman nito. Mayamaya pa, hindi ko na napigilan ang pag-iyak.

Sinisisi ko ang sarili ko.

Wala nga talaga akong kuwentang tao. Walang sinabi sa buhay. Palamunin. Bobo. Hindi marunong dumiskarte. Parating iniiwan. Tatanda na siguro akong mag-isa sa buhay.

Muli akong uminom ng beer.

Sinabi nila, alak ang magpapaalis ng lahat ng sakit. Pero mali sila. Mas lalo lang yata nitong pinapalala ang sakit na nararamdaman ko ngayon. Mas lalong bumibigat ang dibdib ko.

Akmang sisigaw ako nang may nauna sa akin na gawin ito.

“I hate this life! I hate this life!”

Napalingon ko sa pinanggalingan ng boses. Sa di-kalayuan, may nakita akong pigura ng isang lalaki. Medyo payat. Tanya ko nasa lima't anim na talampakan ang taas. Hindi ko naman makita ang itsura nito dahil nakatagilid sa direksyon ko at medyo madilim din sa parteng iyon. Base sa sigaw nito, marahil malaki rin ang problemang dinadala ng taong iyon.

Hindi ko alam kung bakit gumaan ang pakiramdam ko. Hindi lang pala ako ang may problema ngayong gabi. Mayroon din palang nakikisimpatya sa nararamdaman ko.

Ako naman ang napasigaw.

CHAPTER 2

Raiko

I don't like business parties. I hate business meetings. I hate this kind of stuff. But still, here I am, attending this boring event.

Wala naman akong magagawa. Ito na siguro ang kapalaran ko: ang maging sunod-sunuran sa utos ng mga magulang ko. Tila isang remote control na laruan. Isang programmed robot. Walang magawa kundi sundin ang lahat ng ipinapagawa sa akin.

It's suffocating and I'm used to it. Para lamang akong dahong tuyo na nahulog sa isang ilog at walang magawa kundi ang magpatangay sa daloy ng tubig. I've been living this life like this since the day I was born. Hanggang ngayon na twenty-seven na ako ay wala pa ring pinagbago.

Hindi ko matandaan kung kailan ako naging masaya. Parang hindi ko na alam kung ano ang ganoong pakiramdam. I don't know if that feeling still exists.

Sinasabi ng karamihan, perpekto na raw ang pamilya namin. Larawan ito ng isang kumpleto at masayang pamilya. Pero doon sila nagkamali. It's not what it seems. Ang hindi nila alam, sira na ang hinahangaan nila. Pinipilit na lamang pagtakpan upang mapangalagaan ang imahe. We need to have a perfect image in order to maintain our power.

I'm a coward person—weak, dastard, name it. Tanggap ko kung ano mang ilapat na salita sa pagkatao ko. Hindi ako marunong lumaban. Napapangunahan ako ng karuwagan. Kaya hanggang ngayon ay hindi ko magawa ang gusto ko. Nakakulong pa rin ako sa isang selyadong kulungan na hindi ko kayang lusutan.

Naputol ang daloy ng aking pag-iisip nang tawagin ako ni Mommy. She informed me to prepare because the party will start a few minutes from now.

Ang party ay para sa pagpapakilala sa akin as new Operations Manager of one of our hotels. This will be my training until Dad steps down from his position as the CEO of our company.

Mula sa kinatatayuan, tanaw ko mula sa stage ang nagsasalitang emcee habang binibigyan ng kaunting background ko ang audience, hanggang sa inanunsyo na nito ang pangalan ko. At tulad ng ginagawa ko sa mga ganitong klaseng event, binigay ko ang pinakapeke kong ngiti.

Matapos ang halos limang minutong speech at nang makababa sa entablado, nakipagkilala na ako sa mga businessmen, politicians at ilang mahahalagang personalidad na dumalo. Halos mapunit na ang labi ko dahil sa kangingiti at kakausap sa mga bisita.

Hanggang sa makaharap namin ang may-ari ng katabing resort na planong bilhin ng kompanya namin. Si Senador Cordova. He's also one of our stockholders. Malaking porsyento din ang stocks na mayroon siya sa amin.

“Is he the one you were telling me about, Mrs. Ledesma? Mukhang bagay nga sila ng anak ko,” pahayag nito habang matamang nakatingin sa akin.

Kumunot ng noo ko.

“Yes. He is, Senator Cordova. My one and only son, Raiko.”

Napangiti ang senador at inilahad nito ang kamay sa harap ko. “Pleasure to meet you, Mr. Raiko Ledesma.”

Tinanggap ko iyon. “The pleasure’s mine, Senator Cordova.”

“Ngayon na nagkakilala na kayo, when are we going to talk about the marriage?”

Mabilis akong napalingson kay Mommy. Marriage? Anong kasal ang sinasabi niya?

“We will set a schedule for that,” tugon ng senador.

Hindi ko na nagawang magtanong pa dahil sa pagkagulat ko. Sa ilang sandali ay nag-usap na sila tungkol sa politika at negosyo.

“Ano’ng ibig n’yong sabihin, Mom? What was that marriage you’re talking about with Senator Cordova?” tanong ko sa aking ina nang magkaroon kami ng pagkakataon na mag-usap nang kaming dalawa lang. I’m eager to know the truth from her.

“*Your* marriage with Senator Cordova’s eldest daughter,” sagot niya.

“What!” gulat na bulalas ko. “Ano’ng magpapakasal ako sa anak ng senador na iyon?!”

“Keep your voice down, Raiko. You shouldn’t shout at your mother,” mariing sabi niya.

Lumingon siya sa paligid at tiningnan kung may nakapansin sa sagutan namin.

“But, Mom, kasal ang pinag-uusapan natin dito.

I don't want to get married with a person I don't even know. At mas lalong hindi ako magpapakasal sa taong hindi ko mahal," giit ko.

"Love doesn't exist Raiko, it's just a piece of trash. We need this marriage for us to get more power. Alam kong magugustuhan mo rin ang anak ni Senator Cordova. I already met her. She's beautiful and sophisticated."

"Wala akong pakialam kung maganda siya, Mom. I don't want to get married! That damn plan is insane!"

"It will be insane if we don't agree with the marriage, Raiko. Come to think of it, malaking tulong sa negosyo natin at sa pagtakbo ng daddy mo bilang senador ang kasal n'yo ng anak ni Senator Cordova. Huwag mong ipahiya ang pamilya natin, Raiko. This is the least thing you can do for our family," huling sabi ni Mommy bago ako iniwan at bumalik na sa loob ng event hall.

This is the least thing you can do for our family.

Hindi ko na napigilan ang pagkawala ng luha ko.

Ano pa ba'ng aasahan ko sa mga magulang ko? Wala nang mahalaga sa kanila kundi ang kapangyarihan at kayamanan lamang. They don't acknowledge all my achievements. Hindi ko rin

narinig mula sa kanila na naging proud sila sa akin. Sa halip, masasakit na salita ang natatanggap ko mula sa kanila.

You need to study more to get high grades.

You need to improve more.

Mas galingan mo pa susunod. Ayaw ko ng disappointment sa pamilyang ito.

Gaano ba kahirap para sa kanila na sabihing proud sila sa akin? Na magaling ako sa mga ginagawa ko? All they can say is that I need to be better. Mas napapansin pa nila ang mga maling nagawa ko kumpara sa mga tama.

Dahil dito, lumaki akong takot magkamali. I spent all my life in my room studying and reading books. Hindi ko nagawa ang normal na buhay. Hindi ko nasubukang maging malaya dahil binubuhos ko ang lahat ng oras ko para lang makuha ang atensyon ng mga magulang ko.

Pero kahit ano'ng gawin ko, kulang pa rin. I did not satisfy them, not even once. I couldn't. Kaya walang kwenta ang lahat ng pinaghirapan ko. And until now, I'm still working on it. Hanggang ngayon ay uhaw pa rin ako sa atensyong makukuha ko sa kanila.

Hindi ko alam kung nagtatanga-tangahan ba

ako, o sadyang tanga na talaga ako. I don't know what to do anymore.

At eto ngayon. Ang kasal na gusto nilang mangyari. Mahirap para sa akin ito because it's matrimony. It's a promise of love witnessed by God. A contract covered by Law. Hindi biro ang sinasabi nilang kasal pero para sa kanila, ito pa rin ang pinakamaliit na bagay na magagawa ko para sa pamilya namin.

Minsan iniisip ko na masamang panaginip lamang ang lahat ng ito. I even wished that I was not born like this, with this kind of life. Swerte man ako dahil pinanganak akong mayaman at hindi naghihirap, pero malas naman ako sa kalayaan at masayang buhay.

Niluwagan ko ang aking kurbata at binuksan ang isang butones upang makahinga ako. Pakiramdam ko, nasasakal ako.

Lumabas ako ng hotel. Tumakbo ako. Hindi ko alam kung saan ako tumutungo. Namalayan ko na lamang ang sarili na nakaharap sa dalampasigan habang naghahabol ng hininga.

Medyo madilim sa parteng napuntahan ko. Marahil ito na ang pinakadulong bahagi ng property namin. Tanging sinag lang ng buwan ang

nagbibigay-liwanag sa buong paligid.

Doon ko binuhos ang lahat-lahat ng nararamdaman ko.

Nagsisimula na ring manikip ang dibdib ko. Hindi na tumigil sa pag-agos ang luha mula sa mga mata ko. Pakiramdam ko, punong-puno ako. Konting-konti na lang, sasabog na ako.

“I hate this life! I hate this life!”

Hindi ko na napigilan ang sarili ko. Ito na lang kasi ang paraan para kahit papaano ay maibsan itong nararamdaman ko.

Masarap sa pakiramdam na isigaw ang lahat ng sakit. Kahit paano ay gumaan ang bigat sa dibdib ko. Sana ang solusyon sa lahat ng problema ay madadaan lang sa ganito. Kung nagkataon, wala na sana akong dinadala.

Muli pa sana akong sisigaw nang may narinig akong sumigaw din.

“Tangnang buhay ’to! Walang kwenta!”

Lumukob ang kaba sa aking dibdib. Tila binuhusan ako ng malamig na tubig. Hindi kaya masamang tao itong sumigaw?

Unti-unti kong ibinaling ang tingin sa kinaroroonan nito. Mula sa liwanag ng buwan, nakita ko ang isang matangkad na lalaking nakasuot

ng white long sleeved polo at itim na slacks habang may hawak na isang bote ng beer. Mukhang galing ito sa party. Isa marahil sa mga panauhin doon.

Hindi ko gaanong nakikita ang mukha nito pero sa tingin ko ay lasing na ito.

Napaatras ako. Natakot ako para sa aking sarili. Baka saktan ako nito. I don't even know how to fight. Malaking tao pa naman ito.

“S-sino ka?” takot na tanong ko.

Humarap sa akin ang lalaki at nakita ko ang pagngiti niya. Dapat tumakbo na ako, pero nanatili ako sa aking kinatatayuan.

Hindi ko alam kung bakit hindi man lang ako nakaramdam ng takot sa pagngiti niyang iyon dahil iyon na siguro ang pinaka-genuine na bagay na nakita ko sa buong buhay ko. Parang nakikisimpatya siya sa pinagdadaan ko.

I'm not sure but I think the guy is handsome—mula sa tindig nito at sa porma ng mukha. Ito iyong taong kahit lasing at mukhang naka-drugs ay hindi mo iisiping gagawa ng masama. Or am I just overreacting?

“Huwag kang mag-aalala, hindi kita sasaktan. Hindi ako masamang tao. Katulad mo rin ako, may dinadalang mabigat na problema sa buhay.”

There is something in his voice that made me calm. All my life, hindi ako mabilis na naniniwala sa sinasabi ng ibang tao kasi alam kong lahat ng nasa paligid ko ay mapagkunwari lamang, lalo na sa estado ng buhay ko. Pero sa isang ito, kahit ngayon ko lang nakita ay mabilis akong naniwala. Unti-unting humuhupa ang kabang nararamdaman ko.

“Ang sarap pala sa pakiramdam na sumigaw paminsan-minsan, ano?” aniya na ngayon ay nakaharap na sa dagat. Tumungga siya sa iniinom na beer.

Hindi ako nagsalita bagkus ay humarap na rin sa dagat. Dinama ko ang hangin, pinakinggan ang paghampas ng tubig.

“Arghhh!” Nagulat ako nang muling sumigaw ang lalaki.

Katulad niya ay ganoon din ang ginawa ko; sumigaw hanggang sa maubusan ng boses.

Mayamaya, namalayan ko na lang na nakaupo na ako sa buhanginan. Tumabi sa akin ang lalaki. Agad na naamoy ko ang mabangong amoy niya. Tuluyang nawala ang takot na nararamdaman ko. Ramdam ko naman na mabuti siyang tao.

“Iyong akala mong ikaw na ang may pinakamabigat na problema sa mundo, pero hindi

pala,” pagkuwan ay sabi niya. “Beer?” aya niya, sabay lahad ng bote sa akin.

Hindi ko iyon agad tinanggap at tinitigan lamang.

“Wala akong sakit. Safe ang laway ko,” paniniguro niya pero hindi ko pa rin kinuha ang bote. “Sige, kung aya—”

Hinablot ko iyon sa kanya at tumungga roon. Agad na gumuhit ang init sa lalamunan ko. Napangiwi ako dahil sa pait ng lasa niyon. Ito ang unang beses na uminom ako ng ordinaryong beer. Usually kasi, wine ang iniinom ko. Hindi naman kasi ako naglalasing at nakakainom lamang kapag may okasyon.

“Hinay-hinay lang, baka masamid ka,” sabi niya kasabay ng mahinang tawa.

Ibinalik ko agad sa lalaki ang bote. Halos maubos ko iyon dahil kaunti na lamang ang natira.

“Ayos ba?”

“Yeah. Medyo mapait lang,” sagot ko saka bahagyang napatawa.

Napatawa rin siya.

“Magaan din pala sa pakiramdam kapag may kasama kang nagsisintir at nagdadamdandam. Hindi n’yo na kailangang mag-usap dahil naiintindihan

ninyo ang pinagdadaan ng isa't isa," sabi niya.

"I feel the same way, too."

He's right. Sometimes, you don't need someone to listen to your problems and get his/her advices. Ayos na rin pala na may karamay ka na isang taong may dinadala ring problema dahil alam ninyo ang nararamdaman ng isa't isa kahit hindi kayo mag-usap.

"Galing ka rin ba sa party?"

Nakaramdam ako ng kaunting hiya sapagkat ito ang parating nagtatanong. Hindi ko rin kasi alam ang sasabihin.

I nodded.

"Nakita mo ba iyong ipinakilalang bagong manager kanina?" muling tanong nito, dahilan upang mapatingin ako sa kanya. Mukhang hindi ako namumukhaan nito. Hindi naman din niya siguro aakalain na pupunta sa ganitong lugar ang taong sentro ng event. "Hindi ko kasi siya nakita eh."

"Y-yes, nakita ko siya," I lied.

"Ang swerte niya, ano? Pinagpala. Anak-mayaman. Siguro hindi siya nahihirapan sa buhay. Hindi tulad ko na isang kahig, isang tuka."

Napatitig ako sa kanya. Sinuri ko siya. Mula sa mukha at sa suot na damit niya ay hindi mo

mahalalata na ganoon ang estado niya sa buhay. Ibig ba niyang sabihin ay hindi siya bisita doon?

“Nakakapagod kasi ang ganitong buhay. Pinanganak na 'ata akong malas.”

Kung alam niya lang ang nararanasan ko ngayon. Kung puwede lang na magpalit kami ng sitwasyon, siguro kahit nahihirapan ako ay magagawa ko pa ring ngumiti. Ramdam ko kasi sa kanya na masaya ang buhay niya.

Nagpatuloy kami sa pag-uusap. Naikuwento sa akin ng lalaki ang problema niya, kahit hindi ako nagtanong. Tungkol ito sa isang taong nanloko sa kanya. Hindi ko tuloy maiwasan ang mainggit sa kanya. Gusto ko talagang maranasan ang mga naranasan niya. Hindi dahil sa pagkabigo niya, kundi kung paano siya bumabangon mula sa pagkadadapa.

Hindi ko namalayang nagkukuwento na rin pala ako. Hindi ko inaasahang magsasalita ako nang ganito sa ibang tao, lalo pa sa hindi ko kilala.

“It's so hard to live a life with people like them surrounding you. Kailangang maging maingat ka sa mga kilos mo dahil kaunting maling galaw mo lang, maaari mo iyong ikasira.”

“Ganoon naman talaga lalo pa't mayaman ka.”

“Maraming nagsasabi na swerte maging katulad namin. Mabilis nakukuha kung ano man ang gustuhin namin. Na wala kaming ibang pinoproblema kundi ang magpayaman. Ang hindi nila alam, mas mabigat ang dinadala naming problema.”

“At least, swerte pa rin kayo. Kasi kaming mahihirap, walang ibang iniisip kundi kung paano makaka-survive sa araw-araw. Mabuti na lang at nakaabot pa ako sa ganitong edad at may tumanggap pa sa akin.”

Gusto ko sanang itanong sa kanya kung ilang taon na siya pero isa iyong pribadong tanong para sa dalawang taong hindi magkakilala. Pero sa tingin ko, kaedaran ko lamang ang lalaki.

“You can do modelling. I can see that you have the looks,” suhestyon ko.

“Nasubukan ko na, pero wala pa rin. Maraming mas bata, mas guwapo.”

“It’s a matter of perseverance, you know.”

Napailing ako sa aking isipan. Nakuha ko talagang sabihin iyon, samantalang sa sarili ko ay hindi ko makuhang i-apply?

“Kung sa pagkakayod lang, iyon ako. Pero ang kapalaran lang kasi talaga ang hindi nakikiayon sa

akin.”

Nakaramdam ako ng awa sa kanya pero para sa akin, swerte pa rin talaga siya.

“Matanong nga kita, okay lang ba?” sabi niya.

Tumango ako bilang tugon.

“Sana hindi ka ma-offend.”

“It’s okay,” paninigurado ko.

“Bakla ka ba?”

Ikinagulat ko iyon at nanlaki ang aking mga mata.

“Sana hindi kita na-offend. Ayos lang naman kung ganoon ka. Meron din kasi akong kapatid na katulad mo. Tatlo pa nga sila, eh.”

Hindi naman talaga ako na-offend. Nakaramdam pa nga ako ng bilib sa kanya dahil nagawa niyang itanong iyon sa akin. Siya ang unang taong nagtanong tungkol sa kasarian ko. Siguro punung-puno ng katapangan ang lalaking ito. Katangiang wala ako.

Napatungo na lamang ako sa pagkahiya.

“Huwag ka nang mahiya. Hindi naman kita huhusguhan.”

Unti-unting inangat ko ang tingin sa kanya. Nagtama ang mga mata namin. Walang nagsalita at nanatili lang sa ganoong posisyon. Hanggang

sa hindi ko namalayan ang sunod naming ginawa.
Pareho nang nakapikit ang aming mga mata at
magkalapat na ang aming mga labi.

Just for this night.

Hahayaan ko ang sarili na maging malaya at
maging masaya sa piling ng isang taong ngayon ko
lang nakilala.

CHAPTER 3

Gideon

*N*aalimpungatan ako sa sinag ng araw na tumama sa mukha ko. Narinig ko agad ang hampas ng tubig mula sa dalampasigan. Tuluyan kong iminulat ang mga mata ko at tumambad sa akin ang asul na kalangitan.

Sapo ang aking noo, bumangon ako. Agad na gumuhit sa ulo ko ang matinding sakit. Nang bahagya itong humupa, inilibot ko ang tingin sa paligid. Nasa dalampasigan pa rin ako.

Sa puntong iyon, bumalik sa akin ang nangyari kaninang madaling araw. Agad akong napatingin sa katawan ko. Nanlaki ang mga mata ko nang makitang nakapatong lang ang mga damit ko sa harap ko. Wala akong suot kaya nagmamadali kong

isinuot ang mga ito.

Totoo nga talaga. Hindi panaginip ang nangyari sa amin ng kausap ko kagabi. Ginawa nga namin ang bagay na iyon!

Pero nasaan na ang taong iyon?

Bago ko pa man aalahanin ang nangyari, naagaw na ang atensyon ko sa pera at sa cellphone na nasa tabi ko kung saan ako nakahiga kanina.

Kinuha ko ang mga ito. Nasa limang libo ang pera at halatang mamahalin ang cellphone. Naiwan ito marahil ng lalaking nakaniig ko kagabi.

Hindi ko alam kung bakit hindi man lang ako nakaramdam ng pagsisisi sa nangyari sa amin. Hindi man lang ako nandiri. Parang ginusto ko pa ang nangyari. Ipinagkaloob ko ang sarili ko nang walang pagdadalawang-isip.

Muling naagaw ang atensyon ko nang may nakita akong nakasulat sa buhangin kung saan ko napulot ang pera at cellphone: *Thank you*.

Dalawang salita. Dalawang salita lang ang nagpa-realize sa akin kung bakit iniwan ng taong iyon ang pera at cellphone na hawak ko.

Agad na lumukob sa pagkatao ko ang matinding galit. Ano'ng tingin sa akin ng baklang iyon? Na isa akong bayarang lalaki?

Walanghiya siya! Matapos ang nangyari sa amin ay ganoon na lang ang magiging tingin niya sa akin? Matapos makipag-usap sa kanya nang maayos ay gaganituhin niya lang ako?

Wala akong hininging kapalit sa kanya. Kusa kong pinagkaloob ang sarili. Isinuko ko ang pagiging tunay na lalaki ko. Ni hindi ko nga siya kilala. Ginawa ko iyon kasi ramdam ko na mabait siyang tao.

Pero ano ito ngayon? Ginawa niya akong mababang uri.

Napamura ako. Huwag lang talaga siyang magpakita sa akin dahil baka hindi ko mapigilan ang sarili ko at masaktan ko siya.

Ibinulsa ko ang pera at cellphone. Kailangang mahanap ko ang baklang iyon para ipamukha sa kanya ang ibinayad niya sa akin.

Umalis ako sa dalampasigan bitbit ang naiwang coat nito na ginawa naming sapin kagabi. Hindi alintana ang buhangin sa suot, bumalik ako sa hotel.

Pinilit ko na lang na huwag isipin ang nangyari kagabi. Kinuha ko na ang gamit ko at umuwi ng bahay. Mabuti na lamang at mamayang hapon pa ang umpisa ng trabaho ko. Switching na kasi.

Bago magpahinga ay naligo muna ako. Nang mahiga sa kama ay muling bumalik sa akin ang

nangyari sa amin ng estranghero.

Hindi ko pa rin mahanap sa sarili ko kung bakit hindi ako nagdalawang-isip na makipagniig sa taong iyon. Hindi ko alam pero may kakaiba akong naramdaman. Hindi lang libog ng katawan o kung ano pa man. May higit pa roon at hindi ko lang matukoy kung ano.

Napaisip ako. Bakla na rin kaya ako?

Pero hindi, eh. Hindi ako bakla! Hindi naman ibig sabihin bakla agad ako dahil lang pumatol ako sa kapwa ko lalaki. Hindi ko alam. Basta hindi ako bakla! Lalong hindi ako bisexual.

Ginusto ko ang nangyari. Iyon lang, ginawa akong isang bayaran. Humanda talaga sa akin ang baklang iyon kapag nagkita kami. Ang baba tuloy ng tingin ko sa sarili ko.

Pero hindi ko na muna iisipin iyon sa ngayon. Ayaw ko nang dagdagan pa ang ginawa sa akin ni Elsa. Tapos na akong mag-drama kagabi. Ang gusto ko na lamang ngayon ay magpahinga dahil may trabaho pang naghihintay sa akin.

Kung ayaw na ni Elsa sa 'kin ay hindi ko na siya pipilitin pa. Ilang beses ko na rin itong napagdaanan. Makakahanap din ako ng tamang tao para sa akin. Ipagkakatiwala ko na lang kay Lord ang lahat. Tuloy

pa rin ang buhay, 'ika nga.

Marami akong nilinis at inayos na mga rooms sa palapag na naka-assign sa akin ngayong gabi. Nagsimula na kasi ang night shift ko. Mag-isa lang din ako dahil hindi kadalasang nagche-checkout nang gabi ang mga guests kaya mabilis akong natatapos at minsan, nakakapagpahinga rin ako.

Rotation ang mga shifts namin kada labinlimang araw. At laking pasasalamat ko nang balik-umaga na ulit ako. Iba kasi talaga kapag gabi ang tulog kumpara sa umaga.

Sa loob ng kalahating buwan ay medyo nakakalimutan ko na rin ang nangyari nang gabing iyon. Pero galit pa rin talaga ako sa baklang tumapak sa dignidad ko. Hanggang ngayon ay buo pa ang pera at maayos pa rin ang cellphone. Parati ko itong dinadala sakaling makita ko siya ulit dito sa paligid ng hotel. Ibabalik ko sa kanya ang mga ito, pero bago iyon ay makakatikim muna siya sa akin ng isang malakas na sapak. Para kahit papaano ay makabawi man lang ako.

Pabalik ako ng employees' quarter nang ipatawag ako ng head namin.

“Maupo ka,” sabi ni Boss at itinuro ang upuan sa harap ng mesa niya. Lumapit ako roon at mabilis

na umupo.

“Dahil nasa itaas ng palapag na assignment mo ang opisina ng Operations Manager, ikaw ang inatasan kong maglinis sa opisina niya araw-araw. Hindi ka na rin magkakaroon ng night shift sa mga susunod na schedule ng shifting,” aniya.

“Okay, Sir, walang problema.”

“Good. Gusto kong pumunta ka na roon ngayon din. At kailangan mas maaga ka sa time-in mo para hindi ka niya maabutan habang naglilinis sa office niya. Maliwanag ba, Mr. Tianco?”

“Maliwanag, Sir.”

Okay na rin sa akin ang dagdag na assignment. At least, hindi na ako magkakaroon ng night shift. Iwas-puyat din.

“O siya, ito ang susi sa opisina niya. Ikaw lang ang maaring humawak n’yan. Alam mo na ang mangyayari kapag may nawala r’on. Mabuti na lang at ipinagkatiwala niya sa atin ito. At ikaw ang pinili ko dahil maayos kang magtrabaho at alam kong mapagkakatiwalaan ka. P’wede ka nang maglinis doon.” Nakangiti kong kinuha sa kanya ang susi. “Alam mo naman siguro kung nasaan ang opisina niya?”

“Yes, Sir. Tutungo na ako roon.”

Hindi ko naman maiwasang makaramdam ng saya at pagka-proud sa sarili dahil pinagkakatiwalaan ako ni Boss. Siguro napansin niya ang pagiging masigasig ko sa trabaho. Sinuswelduhan ako nang tama kaya nararapat lang na gawin ko nang maayos ang trabaho.

Dala ang panglinis, umakyat na ako sa fourteenth floor kung saan naroon ang opisina ng Operations Manager.

Hindi ko maiwasang kabahan dahil isa sa pinakamataas na tao nitong hotel ang nagmamayari ng opisinang lilinisan ko. Sana kahit sandali ay makita ko man lang siya. Wala kasi akong ideya kung sino siya dahil hindi ko nakita nang gabing ipakilala ito. Baka mamaya niyan, nakakasalubong ko na pala iyon sa hallway o elevator, tapos hindi ko man lang nababati.

Bumungad sa akin ang isang malaking opisina pagbukas ko ng pinto. Halos hindi ko magawang magsimula sa trabaho dahil pagkamangha ang nauna sa akin. Mukha na kasi itong bahay dahil naroon na ang lahat.

Hindi ako tumagal sa paglilinis sa opisina dahil wala namang kalat at maayos ang pagkakasalansan ng mga gamit.

Pero nasaan na kaya ang boss ko? Bakit wala siya rito? Siguro may ginagawang importante sa labas. Negosyante nga naman.

Pagkauwi, sa may dalampasigan ako dumaan. Sa ikalawang gate ako dadaan. Doon kasi ang pinakamalapit na sakayan papunta sa bahay namin. Habang naglalakad ay may nakita akong pamilyar na bulto ng tao na naglalakad malapit sa dagat.

Binilisan ko ang lakad hanggang sa maging kapantay ko ito sa paglalakad. Panay ang lingon ko rito at pasimple akong lumapit upang kumpirmahin kung siya nga ang taong iyon.

Siya nga!

“Hoy!” sigaw ko dahilan upang maagaw ang atensyon niya.

Napalingon siya sa direksyon ko. Kumunot ang noo niya. Matalim ko siyang tinitigan. Lumingun-lingon pa siya upang siguruhin kung siya nga ang sinisigawan ko.

“Ikaw!” Mabilis akong lumapit sa kanya.

Ang pagtataka ay mabilis na napalitan ng pagkagulat nang makilala niya ako. Napaawang ang kanyang labi at tila naitulos sa kinatatayuan.

“Oo, ikaw nga!” nanggagalaiti kong sabi nang tuluyang makalapit sa kanya. “Alam kong nakikilala

mo ako. Ako nga 'yong lalaking nakasiping mo noong party," deretso kong saad sa galit na boses.

"A-anong kailangan mo?" utal niyang tanong.

Sa kabila ng galit ay hindi ko maiwasang ma-appreciate ang taglay niyang kagwapuhan. Detalyadong nakikita ko na ang hitsura niya dahil sa liwanag ng buong paligid.

At napamura ako. Ito pala talaga ang nakauna sa akin na lalaki? Marami itong mapapaiyak na babae kapag nagkataon. Kaso nga lang, bakla!

"G*go ka! Bakit mo ako binigyan ng pera at cellphone? At sumulat ka pa talaga sa buhangin para magpasalamat! Ano'ng tingin mo sa akin, bayaran?!"

Hindi siya nakapagsalita marahil dahil sa gulat.

"T*ngna mo! Porke nag-sex tayo, may karapatan ka nang tapakan ang dignidad ko? Hindi ko hiniling na bayaran mo ako. Kusa iyon. Kusa!" Kinuha ko sa bag ang pera at cellphone at marahas na inabot ko ang kanyang palad at inilagay ang mga iyon doon.

Hindi siya pumalag. Iniwas niya ang tingin nang ilapit ko ang mukha ko sa mukha niya.

"Itong tatandaan mo! Hindi ako bayaran! Hindi ko ginagawa 'yon para lang magkapera! Pasalamat ka at naawa ako ngayon sa 'yo, dahil kung nagkataon, babasagin ko 'yang pagmumukha mo!"

CHAPTER 4

Raiko

“We are going to Senator Cordova’s house later at seven. Be prepared dahil makikilala mo na ang mapapangasawa mo,” hayag ni Mommy habang nasa hapagkainan kami kasama si Daddy.

“But, Mom! I said I don’t want to get married!”

Simula noong party ay pinagtatalunan na namin ang bagay na ito, pero parati naman akong natatalo. At heto ngayon, siguradong hindi na naman ako magwawagi.

“Yes, Raiko Yuan Ledesma. Napag-usapan na natin ito nang ilang beses. You will be marrying Senator Cordova’s daughter, whether you like it or not!” mariing saad niya.

Paano ba niya nasasabi ang lahat ng ito sa akin? Malaking bagay para sa akin ang hinihingi niya. Hindi ko kayang ibigay iyon nang ganoon kadali.

“There are many ways to get his approval for the property, Mom. Gagawa ako ng paraan para lang hindi maikasal sa anak niya. I don’t want to marry some person I do not know and most of all, I do not love.”

“Whatever you say, you are still marrying her. I already met Rhoana. She will be perfect for you. Wala ka nang hahanapin sa kanya. I’m sure kapag nakilala mo siya ay magugustuhan mo rin siya.”

Napabuntong-hininga na lamang ako. Ayaw ko nang makipagtalo pa kay Mommy. Kahit ano’ng gawin ko ay siya pa rin ang masusunod.

“Romulo, wala ka man lang bang sasabihin sa anak mo?” baling niya kay Dad.

“What for? Raiko will get married anyway,” sagot lang nito at ipinagpatuloy ang pagkain.

Akala ko, makakahanap ako ng kakampi mula sa pananahimik nito. Hindi pala. Pareho lang sila ni Mommy.

“I’m done here,” saad ko saka tumayo na paalis. Tinawag pa ako ng huli, pero hindi na ako lumingon pa.

Dumeretso ako sa kuwarto at humiga nang patihaya sa kama. This feeling has been always familiar. Dahil palagi ko itong nararamdaman ay tila nagiging manhid na ako.

Ano ba'ng nagbago? All my life, I am being controlled. Kahit naman kasi anong rason at pagpapaliwanag ko ay hindi sila makikinig. Ang mga gusto lang nila ang parating nasusunod. They made decisions without my consent. They never asked me for what I want. Sana gumawa na lang sila ng robot at hindi anak. From the day I was born, hindi ko man lang naramdaman na naging magulang sila sa akin.

Habang nakahiga ay naalala ko na naman ang nangyari sa amin ng estrangherong iyon. Umukit sa mukha ko ang isang ngiti. Hindi ko alam kung bakit sa unang pagkakataon ay nakaramdam ako ng kakaibang kasiyahan. And it was a strange feeling.

Wala akong naramdamang mali habang ginagawa namin iyon. It felt natural. At habang hinahawakan ko ang dibdib ko ay tila may kakaiba akong nararamdaman para sa lalaking iyon at hindi ko matukoy kung ano iyon.

Sa nangyari sa amin, kahit pansamantala, parang nakawala ako sa hawlang pinagkakulungan ko. Naramdaman ko ang ganda ng buhay. It's weird but

it was the most beautiful thing that happened to me.

Lumalim ang paghalik niya sa akin. Nakipaglaban din ako hanggang sa bumaba ang kamay niya sa baywang ko upang hapitin ang katawan ko palapit sa kanya. Nangunyapit ako sa batok niya at napaungol nang kagatin niya ang ibabang labi ko.

I am tasting the beer from his mouth. Pero hindi iyon naging sagabal at nakadagdag pa sa pagliyah ng apoy na nararamdaman ng buong katawan ko.

Bumaba ang halik niya sa leeg ko. Muli akong napaungol. Para namang may sariling buhay ang kamay ko at ipinasok ko ito sa loob ng damit niya upang haplusin ang kanyang katawan. Nangingig ang mga kamay ko habang ginagawa iyon lalo pa't maraming mga nakaumbok dito.

Bumalik siya sa labi ko at muli kaming naghalikan. Nang tumigil sa isa pang pagkakataon ay doon na namin inumpisahan ang pagtanggap sa saplot ng isa't isa.

Ngayon ko lang ito naramdaman. The need of heat. So unfamiliar feeling. At kapag hindi ko ipinagpatuloy ang ginagawa, baka ikabaliw ko iyon.

Wala na akong pakialam kung ano ang magiging kahihinantnan nito pagkatapos. Gusto ko lang maging masaya kahit isang beses sa buong buhay

ko. Ipapaubaya ko ang sarili sa taong ito ni kahit pangalan ay hindi ko alam.

Nang tuluyang mahubad ang aming pang-itaas na damit ay muli kaming naghalikan. Sa pagkakataong ito ay ako na ang humalik sa kanyang leeg hanggang sa bumaba ako. Kinuha niya ang coat ko at damit at ginawa niya iyong sapin. Humiga siya habang pinagpapatuloy ko ang ginagawa hanggang makarating sa parteng iyon.

Hindi ko alam ang gagawin at sinunod ko na lamang ang gusto ng katawan ko. Hanggang sa dumating kami sa puntong pinag-isa namin ang aming katawan. And the next that happened was history.

Muli akong napangiti sa alaalang iyon. Kahit masakit ang katawan, pinilit kong bumangon nang magising kinaumagahan. Pareho kaming nakatulog ng lalaki dala na rin marahil ng pagod at bahagyang pagkalasing.

Bago tuluyang tumayo ay binigyan ko muna siya ng isang halik sa labi. Alam kong iyon na ang huling pagkakataon na magagawa ko iyon kaya kinuha ko na ang oportunidad.

“Thank you.” Bumulong pa ako sa kanya. Ito lang ang kaya kong gawin. I don’t want to wake him up

because I don't have the guts to face him.

Agad akong nagbihis. Tulog pa rin ang lalaki. Inayos ko na lamang ang mga damit niya at ginamit na pantakip sa kanyang katawan. Iniwan ko na lang ang coat ko dahil hinihigaan pa niya ito.

Bago tuluyang umalis, nagsulat ako ng *'thank you'* sa buhangin at inilagay doon ang pera at cellphone ko.

Hindi ko intensyon na bayaran siya. It was my way of thanking him dahil binigay niya sa akin ang kakaibang kasiyahan. Sana huwag niyang mamisinterpret ang ginawa ko. It's just a token of being grateful.

Bumangon ako sa kama at inabot sa bedside table ang panyo na kinuha ko mula sa lalaki. My token of remembrance from him.

I put it against my nose and smelled it. His scent still lingers in it. At sa tuwing inaamoy ko ito ay nagbibigay ito ng kapayapaan sa aking pagkatao.



Alas siete ng gabi kami dumating sa bahay ni Senador Cordova. Sumalubong sa amin ang dalawang katulong at iginaya kami nito sa kanilang dining area kung saan nakaupo ang senador, ang kanyang asawa, at kung hindi ako nagkakamali, ang

kanyang mga anak.

Tiningnan ko ang mga babae. They were three of them. Sino kaya sa kanila ang pakakasalan ko?

Pagkatapos ng pagsalubong ay umupo na kami sa mesa. Nakilala ko na rin ang anak ng senador na mapapnagasawa ko. Mom's right. She's a beautiful woman. Pero kahit katiting na pagkagusto ay wala akong naramdaman para rito. Siguro appreciation meron pa.

I never liked a girl in my whole life. I know my sexual identity, but I am keeping it for a long time now because of my situation. Siguro habang buhay ko na itong ililihim kasi alam kong hindi ito matatanggap ng mga taong nakapaligid sa 'kin.

Sa dalawang tao ko lang nailalabas ang totoo—una kay Yaya Melda, at pangalawa, sa lalaking nakilala ko sa dalampasigan.

Tahimik lang ako habang pinag-uusapan ng mga magulang ko at ng mga Cordova ang tungkol sa kasal namin ni Rhoana. Mababakas sa mukha ng babae ang excitement which is the opposite of what I feel. Kanina ko pa rin napapansin ang pagtitig niya sa akin at pagkausap niya na matipid ko lang na sinasagot.

Gusto niya ako, pansin ko. Pero paano niya agad

ako nagustuhan kung hindi pa niya ako lubusang kilala?

“So do you want to be Raiko’s wife, Rhoana?”
sabi ni Senador Cordova sa anak.

“I’d love to be, Dad. The first time I saw him, I already liked him.”

At lahat sila ay nagtawanan, pati na ang mga magulang ko. Paano kaya ito nasasabi ng babae? Pathetic.

“How about you, Raiko?”

Lahat sila ay napatingin sa akin.

“If that’s what all of you want.”

“Raiko!” mahinang saway ni Mommy.

Hindi na ako nagsalita at tumango na lamang.

“So, it’s settled then. Bukas na bukas din ay ipapatawag ko na ang wedding planner para sa pagpapalano ng kasal n’yo,” agad na agaw ni Mommy.

Tapos na. Wala na akong kawala. Ako lang yata ang tutol sa kasalang gusto nila, dahil bakas sa mga mukha nila ang kasiyahan.

Umuwi akong bagsak na naman ang mga balikat.

That damn marriage is bullsh*t! Who will get married for just a piece of land? We’re not living in that era anymore.

Pero ano’ng magagawa ko? Talo pa rin ako. I just

sighed in frustration.

Kinabukasan ay naghanda na agad ako para sa trabaho. Hindi ko na rin inisip pa ang tungkol sa nangyari kagabi. I will make myself busy. Wala na rin naman akong magagawa pa.

I am working my a*s in our hotel for two weeks now. At sa tingin ko naman ay napapatakbo ko ito nang maayos. Plano ko na ring lumipat doon para hindi na ako mahirapan pa sa biyahe, lalo na kung traffic.

Habang nakasakay sa kotse, tinawagan ko ang head ng Housekeeping Department. Sinabihan ko na mag-assign siya ng tagalinis sa office ko araw-araw. Sinunod naman niya ang utos ko.

Pagkatapos ng maghapong trabaho ay naisipan kong maglakad-lakad sa dalampasigan. Minsan ay pinupuntuhan ko ang parte kung saan ko nakilala ang estranghero. Hindi ko alam, pero namamalayan ko na lang na dinadala na pala ako ng mga paa ko roon. Kaya heto ako ngayon, naglalakad papunta sa dakong iyon.

Nasa kalagitnaan ako ng paglalakad nang makarinig ako ng sigaw. Hinanap ko ang pinagmulan nito. Sa kanang bahagi ko ay nakita ko ang isang lalaki na nakatingin sa akin nang masama.

“Ikaw!” muling sigaw niya. Hindi ko masyadong namumukhaan ang lalaki, ngunit pamilyar sa akin ang mukha niya at tindig. Agad naman akong nakaramdam ng kaba nang lumapit siya sa akin.

“Oo, ikaw nga!” nanggagalaiti niyang sabi. Kumalat ang amoy niya at pumuno ito sa aking ilong. “Alam kong nakikilala mo ako. Ako iyong lalaking nakasiping mo noong party,” paalala nito.

Natutop ko ang bibig ko. That explains why he has a familiar face. His built was familiar, too. Lalo pa ang amoy niya.

Siya nga! Ang lalaking hindi na nawala sa isip at sa buong sistema ko.

“A-ano’ng kailangan mo?” kinakabahang tanong ko naman sa kanya. Ang sama kasi ng tingin niya sa akin.

Pinaalala niya ang nangyari sa amin at kung paano ko siya ginawang mababa. Bakit ko raw siya iniwanan ng cellphone at pera? Nag-‘thank you’ pa raw ako.

Sabi ko na nga ba mami-misinterpret niya iyon.

Marahas niyang inilagay sa palad ko ang mga binigay ko sa kanya. Hindi ko naman makuhang sumagot dahil tuluy-tuloy ang pagsasalita niya. Dahil sa labis na galit ay nagawa niya akong itulak.

Nagsabi siya na magpasalamat daw ako at hindi niya ako sasapakin, saka tuluyang umalis.

Sobra akong nasaktan sa mga sinabi niya. Sa kanya lang ako sumaya, pero sa kanya rin lang din ako nasasaktan nang labis.

But I understand him. Ganoon din siguro ang mararamdaman ko kung ako ang nasa sitwasyon niya. Hindi ko lang talaga inaasahan na sobrang matatapakan ko pala ang pagkatao niya. Hindi ko kasi alam ang gagawin sa mga oras na iyon. Labis akong nakonsensya sa nagawa ko.

Mabigat ang pakiramdam ko nang gumising ako kinabukasan. Masakit ang aking ulo, marahil sa kakaisip nang sobra sa nangyari.

Halos magdilim ang paningin ko nang bumangon at tumayo. Napahawak ako sa aking noo, ganoon din sa leeg. Mainit ako. Natuluyan ako ng lagnat.

Pagbukas ko ng pinto ng kuwarto na karugtong ng opisina ko rito sa hotel, bumungad sa akin ang matangkad na lalaki. Nagulat ako nang mapagsino siya.

Ito ang lalaking kakaisip ko lang. Pero ano ang ginagawa niya rito?

CHAPTER 5

Gideon

Halos mabitawan ko ang hawak na pamunas nang siya ang mabungaran ko pagbukas ng pinto na bubuksan ko rin sana.

“I-ikaw,” gulat na sambit ko.

“A-ano’ng ginagawa mo rito?”

“Ikaw ang dapat na tinatanong ko, ano’ng ginagawa mo rito?” May galit sa boses ko.

Hanggang ngayon ay hindi pa rin ako make-move-on sa ginawa niya kahit nakompronta ko na siya. Pero kahit ganoon ay nakaramdam ako ng konsensya sa lahat ng mga pinagsasabi ko sa kanya kahapon.

Pero ano ang ginagawa niya rito sa opisang ito? Tek... Hindi maaari!

“I own this office. Ikaw, ano’ng ginagawa mo rito? And why are you wearing the hotel’s uniform?” Nangunot ang noo niya. “Oh, my God!” bulalas niya. Mukhang napagtanto rin agad niya kung ano ako.

Hindi ako nakapagsalita. Tuluyan akong napatulala sa nalaman. Napamura ako. Siya ang boss! Siya ang anak ng may-ari ng hotel na ito at ng opisina ng ito! Kung masamang bangungot lang ito, sana magising na ako.

“At ikaw ang naka-assign para maglinis dito?” dagdag pa niya.

Hindi ko alam ang sasabihin. Tila napipilan ako. Paano pa ako makakapagsalita sa sitwasyong ito?

Naalala ko ang nangyari sa amin nang gabing iyon. Hindi ko lubos maisip na siya ang taong iyon. Dagdagan pa ng mga pinagsasabi ko sa kanya kahapon. Wala na akong mukhang maihaharap sa kanya.

Nakakahiya ka, Gideon! Katapusan mo na. Siguradong mawawalan ka na naman ng trabaho nito.

“God. I can’t believe this.”

Yumuko ako. “Sir, pasensya na ho sa ginawa ko sa inyo. Kung tatanggalin n’yo man ako sa trabaho ay tatanggapin ko basta huwag n’yo lang akong

ipakulong,” parang napapraning na sabi ko.

Alam kong kaya niya akong ipakulong dahil sa masasakit na salita na sinabi ko at sa pagtulak ko pa sa kanya.

“No, no, no. Ako dapat ang humihingi ng pasensya sa ’yo. Ahm... sorry pala sa ginawa ko. I didn’t mean it that way, giving money and cell—”

“Sir, ako po ang may kasalanan. Sorry po talaga. Hindi ko naman alam na kayo ang pala ang boss ko. Sana huwag n’yo akong ipakulong, tanggalin n’yo na lang ako sa trabaho,” sumamo ko pa.

“No, hindi kita ipapakulo—ah!” Bigla siyang napahawak sa hamba ng pinto habang sapo ang noo. Mabilis naman akong umalalay sa kanya.

“Okay lang kayo, Sir?” Sa halip na sumagot, nakatingin lamang siya sa mga kamay kong nakahawak sa braso niya. Agad ko itong binawi.

“Pasensya na, Sir. Pero mainit kayo. May lagnat ba kayo?” nag-aalalang tanong ko sa kanya.

“Yeah. Medyo masakit nga ang ulo at katawan ko.”

“Uminom na ba kayo ng gamot? Kumain na rin ba kayo? Gusto n’yo bang ikuha ko kayo ng almusal?” sunud-sunod na tanong ko sa kanya.

Natigilan ako sa inasal ko. Napakamot tuloy ako

sa batok at muling napatungo. May kasalanan pa pala akong kinakaharap sa kanya.

“Kagigising ko pa lang. Pero kung okay lang sa ’yo, puwedeng ikuha mo ako ng pagkain at gamot na rin?”

Napaangat ako ng tingin sa kanya. Para naman kung may anong nabuhay na damdamin sa dibdib ko. Agad akong tumalima. “Sige, Sir. Sandali lang.”

Pero bago pa ako makaalis ay may sinabi siya sa akin na ikinahinga ko nang maluwag.

“Don’t mind about your job, hindi kita sisisantehin. At tungkol sa pagpapakulong sa ’yo, that’s the last thing I would do.”



Dala ang gamot at pagkain, agad akong bumalik sa opisina ni Sir Raiko. Lutang pa rin ang isip ko habang pasakay sa elevator. Hindi pa rin ako makapaniwala na ang lalaking nakasiping ko nang gabing iyon ay ang boss pala ng hotel na ito.

T*ngna! Big time pala talaga siya.

Tila nanliit ako sa aking sarili. Nilamon ako ng matinding insekjuridad at kahihiyan. Hindi ko nga alam kung may mukha pa akong ihaharap sa kanya pagbalik ko sa opisina. Kahapon lang ang tapang-tapang kong harapin siya. Ngayon, tila nabahag ang

aking buntot.

Pero sa sinabi niya kanina, sa tingin ko, hindi naman talaga niya intensyon na bayaran ako. Baka ganoon lang talaga ang naisip niyang gawin sa nangyari na naging iba naman ang dating sa akin. Ramdam ko naman na mabait siyang tao, katulad na lang ng mga sinasabi ng mga katrabaho ko.

Sumagi naman sa isip ko ang maamo niyang mukha. Nakakaliit ang kanyang kagwapuhan. Pang-Korean heartthrob ang datingan. Maputi at makinis ang balat. Kahit hindi siya ganoon katangkad, walang-wala ang appeal ko sa kanya.

Nakaupo sa sofa si Sir Raiko nang datnan ko siya sa kanyang opisina; nakapikit at sapo ang kanyang noo. Mukhang masakit nga talaga ang kanyang ulo dahil napapangiwi rin siya. Hindi nga niya napansin ang pagdating ko.

“Sir, nandito na ang pagkain at gamot n’yo.” Inilapag ko agad ang tray sa mesa sa harap niya. “K’ain na kayo.”

“Thanks,” sabi niya at inabot ang baso na may lamang tubig at uminom doon. Pagkatapos ay nagsimula siyang kumain.

Tinitingnan ko lang ang bawat kilos niya.

Lumingon naman siya sa akin nang mapansin

akong hindi umaalis. Kumunot ang kanyang noo. Doon naman tila ako nabalik sa sarili.

Napakamot tuloy ako sa ulo. “Sige, Sir, lilinisin ko muna ang kuwarto n’yo,” pagpapaalam ko na lang.

Tinungo ko agad ang kuwarto niya. Doon ko sinaway ang sarili. Napansin ko rin ang kakaibang kilos ko simula nang malamang boss ko pala siya. Siyempre kailangan kong maging mabait. Pero may iba akong naramdaman kahit pa nang muli ko siyang nakita pagkatapos ng nangyari sa amin. Kaya kahit nagalit ako, hindi ko siya nagawang saktan.

Pamilyar sa akin ang pakiramdam na ito at alam ko kung saan ito patungo.

Napailing na lang ako nang paulit-ulit at saka ipinagpatuloy ang trabaho.

Agad na hinanap ng mga mata ko si Raiko pagkatapos kong linisin at ayusin ang kuwarto niya. Nandoon siya sa kanyang mesa. Nakaupo siya sa swivel chair paharap sa malaking bintana ng opisina.

“Sir, tapos na akong maglinis. Lalabas na ako,” paalam ko saka lumapit sa mesa upang kunin ang pinagkainan niya. Nang balingan ko siya ng tingin ay nakaharap na siya sa akin.

“Can you stay for a while? Gusto kong pag-usapan natin ang nangyari,” sabi niya.

Muli na naman akong natigilan. Napalunok ako. Dumagundong ang dibdib ko dahil sa antisipasyon. Talaga bang pag-uusapan namin ang tungkol doon?



“I just want to make things clear for us, especially now that we are working in the same place. Gusto kong hindi makakaapekto sa trabaho natin ang nangyari sa ating dalawa.”

Hindi ako makatingin sa kanya lalo na’t nakaka-intimidate ang tingin niya. No doubt na isa nga siyang boss.

“Walang problema, Sir.”

“Good. Ayaw ko lang na magkailangan tayo dahil sa nangyari sa atin. It just happened, right? Nadala lang naman tayo. At gusto kong malaman mo na hindi ko intensyon na bayaran ka. I just didn’t know what to do. Hindi ko naman alam na iba pala ang magiging dating n’on sa ’yo. Kaya humihingi ako ng dispensa.”

“Ayos na ho ’yon, Sir. Dapat nga ako ang humihingi ng dispensa dahil sinigawan at tinulak pa kita kahapon. Hindi ko naman kasi alam na ikaw pala si Sir Ledesma.”

“It’s okay. Pareho naman tayong walang alam. Mas mabuti nang kalimutan natin ang lahat ng

nangyari.”

Hindi ko alam pero tila nakaramdam ako ng lungkot sa sinabi niya. Parang wala lang sa kanya ang nangyari sa amin. Sabagay, ano pa nga ba ang aasahan ko sa isang mayamang tulad niya? Baka nga isa lang ako sa mga lalaki niya. Sino ba naman ako sa inaakala ko?

At saka ano ba itong pinag-iisip ko? Lalaki ako, hindi bakla. Kaya dapat lang na kalimutan ko na rin ang nangyari sa amin. Isa iyong malaking pagkakamali.

“Okay, so let’s work. Maaari ka nang bumalik sa trabaho mo.”

Tumalima na ako at umalis ng opisina. Doon lang ako nakahinga nang maluwag pagkalabas ng pinto. Hanggang ngayon, hindi pa rin ako makapaniwala sa nalaman ko. Pero malaki ang pasasalamat ko na hindi niya ako tinanggal sa trabaho at pinakulong. Ang kailangan ko na lang gawin ay kung papaano ko siya pakikiharapan sa araw-araw. Siguro aayusin ko na lamang ang trabaho at hindi na lang iisipin ang nangyari. ‘Ika nga, ‘trabaho lang, walang personalan.’

“Ikaw na rin ang ia-assign ko sa paghatid ng breakfast at lunch niya, since ikaw ang naglilinis ng opisina niya,” sabi ng head ko nang ipatawag niya

ako sa kanyang opisina. “Busy din kasi ang secretary niya, kaya sa atin niya ibinigay ang trabahong iyon. Dito na kasi mamamalagi si Sir Ledesma at tungkulin nating pagsilbihan siya. Hindi naman siguro mabigat ang idadagdag ko sa ‘yong trabaho?”

“Wala hong problema, Sir.”

“Good. 7:30 a.m ang paghatid mo ng breakfast niya at 11:30 naman ang lunch. Kunin mo lang sa cafeteria ang meal dahil nakahanda na iyon. Na-inform ko na rin sila na ikaw ang kukuha at maghahatid niyon kay Sir Ledesma. Nagkakaintindihan ba tay,o Mr. Tianco?”

“Yes, Sir.”

“O siya, puwede ka nang umalis. Ihatid mo na ngayon ang pagkain ni Sir Ledesma.”

Dumeretso na agad ako sa cafeteria at kinuha ang lunch ni Sir Raiko. Kumatok muna ako bago pumasok sa loob ng kanyang opisina. Itinulak ko ang food cart papasok.

Walang Sir Raiko na sumalubong sa akin. Hinala ko ay nasa kuwarto niya. Marahil nagpapahinga dahil sa sama ng pakiramdam.

Lumapit ako sa kuwarto niya. Napansin kong hindi ito naka-lock at bahagyang nakabukas. Gayunpaman, kumatok pa rin ako.

“Tuloy,” narinig kong sabi niya. Bakas sa boses niya ang pamamaos na tila nahihirapan.

“Nandito na ang lunch n’yo, Sir. Nagdala na rin ako ng gamot, baka kasi hindi pa kayo gumagaling,” sabi ko habang papasok sa silid.

Natigilan ako nang makita ko siyang nanginginig. Mabilis na lumapit ako sa kanya at dinama sa noo. Inaapoy siya ng lagnat!

“Sir, ang taas ng lagnat n’yo. Tatawag na ako ng tulong para madala kayo agad sa hospital.” Nataranta ako at mabilis na kumilos. Lalabas na sana ako nang pigilan niya ako.

“No. Don’t do that. Ayaw ko sa hospital. Pakitaasan na lang ang temperature ng aircon.” Sa halip ay utos niya. Nag-aalala naman akong tingnan siya. Paano kung may mangyaring masama sa kanya?

“Please...” sumamo niya kasunod ng pag-ubo.

Wala akong nagawa kundi sundin ang gusto niya. Siya ang boss kaya siya ang masusunod.

Napabuntong-hininga naman ako habang tinataasan ang temperature ng aircon.

Nakita ko siyang babangon kaya mabilis akong lumapit sa kanya upang alalayan siya.

“Thanks.”

Nang makaupo siya sa kama ay humakbang

naman ako paatras. Lumapit ako sa food cart at kinuha doon ang tray ng pagkain niya. Inilagay ko ito sa kama.

“Salamat sa paghatid ng lunch ko. P’wede ka nang umalis,” pagkuwa’y sabi niya.

“Sige, Sir. Pero sigurado na bang kaya n’yo? May lagnat kayo.”

“Okay lang ako.”

“Sige, Sir. Kung may kailangan kayo, ipatawag n’yo na lang ako.”

Ngumiti lamang siya at bahagyang tumango bilang tugon. Parang ayaw ko pa sanang umalis, ngunit kumilos din ako. Nasa pintuan na ako ng kuwarto nang may narinig akong nalaglag na bagay.

Paglingon ko, nakita ko si Sir Raiko na nakatingin sa kutsarang nasa sahig. Iyon pala ang nahulog. Nagmamadali naman akong lumapit at pinulot ang kutsara.

“Kukuha na lang ako ng bago, Sir.”

“Huwag na, hugasan mo na lang sa lababo sa banyo.” Pagkatapos, hugasan ang kutsara ay ibinalik ko agad ito sa kanya.

“Sige, Sir, aalis na ako.”

Nasa pintuan na ulit ako nang mahulog na naman ang kutsara. Nagkatitigan kami nang

lingunin ko siya. Bumaba ang tingin ko sa kamay niyang nanginginig nang bahagya.

Hindi na ako umalis at tinulungan siyang makakain.

CHAPTER 6

Raiko

“*S* usubuan ko na kayo, Sir.”

Nagulat ako sa sinabi ni Gideon.

“Ako na lang ang magpapakain sa inyo. Mukhang nahihirapan kasi kayo. Pero kung ayaw n’yo, tatawag na lang ako ng tulong?”

Mabilis akong umiling na naging dahilan ng pagdilim ng paningin ko. Nasapo ko ang aking noo. Mabilis na lumapit sa akin si Gideon at hinawakan ako sa balikat. Pagkadaiti ng kamay niya, tila nakuryente ako.

“Ayos lang ba kayo, Sir?” nag-aalang tanong niya.

“Ayos lang ako,” sabi ko na lang kahit pakiramdam ko, mabubuwal ako.

Kahapon pa masama ang pakiramdam ko. Marahil sa pagkakabasa ko noong isang araw sa ulan na naging dahilan ng pagkakasakit ko. Kung kaninang umaga ay nakaya ko pang indahin, ngayon, parang babagsak na ang katawan ko. I can feel the heat coming out from my body. My body's trembling, pati ang kamay ko, kaya hindi ko mahawakan nang maayos ang kutsara kanina.

“Sigurado ba talaga kayo, Sir? Ang taas kasi ng lagnat n’yo, eh. Sobrang init n’yo na.”

Bahala nang manatili ako sa kamang ito na ako lang mag-isa ang mag-aasikaso sa sarili, kaysa sa magpaospital ako. I never liked being there. Pakiramdam ko, lalala lang ang sakit ko doon. Plus the fact na kung anu-ano ang tinutusok na gamot sa akin. Takot pa naman ako sa karayom.

“I’m sure,” paninigurado ko. “Ayos lang ako.”

“Sige, Sir. Kayo po ang bahala. Susubuan ko na lang kayo.”

Parang gusto kong mapangiwi sa sinabi niya. There was something weird about the word ‘susubuan.’ Parang may ibang ibig sabihin. Tuloy, bigla kong naalala ang nangyari sa amin. Iyon ang unang beses na ‘sinubuan’ niya ako.

Kinatok ko ang isip. Gosh! Ano ba ’tong pinag-

iisip ko?

Kahit nahihiya ay pumayag ako sa gusto ni Gideon. Kinuha niya ang kutsara at ang mangkok na may sabaw. Inilapit niya sa akin at sinimulan akong subuan.

Nakatingin lamang ako sa ginagawa niya. Napatitig din ako sa kanyang mukha. Mas guwapo talaga siya sa malapitan. Matangos ang ilong. May mapupulang labi. Mapupungay na mata. Makinis ang di-kaputiang mukha. He's like a masterpiece of a professional sculptor. Hindi ako naniniwala na hindi siya nagmo-model. Matangkad din naman siya.

Ilang taon na kaya siya? I think were in the same age. O baka mas matanda ako sa kanya.

“Gaano ka na katagal nagtatrabaho rito?” tanong ko sa kanya para basagin ang ilang na pumapainlanlang sa pagitan naming dalawa.

“Tatlong linggo pa lang, Sir.”

Hindi na ako nagtanong pa at nagpatuloy na lamang sa pagpapasubo sa kanya. Pinilit kong kumain kahit wala akong gana. Nakakahiya rin kasi sa kanya. He looks so concerned pa naman.

Nakatingin lang ako kay Gideon sa buong oras na pinapakain niya ako. Hindi ko alam kung bakit nakakaramdam ako ng kakaibang kasiyahan ngayon.

Masarap din pala sa pakiramdam na may nag-aalaga sa 'yo.

“Thank you,” sambit ko pagkatapos kumain at uminom ng gamot.

“Walang anuman, Sir. Kung may kailangan pa kayo, sabihin n'yo lang sa akin.”

“I'm okay. You can go back to your work now.”

“Sigurado ba kayo, Sir?”

“Yes. You need to go back. Baka hanapin ka na ng head mo.”

“Sige, Sir, aabisuhan ko na lang ang sekretarya n'yo, o kung kailangan n'yo ako, ipatawag ninyo lang ako.”

“Okay.”

Hindi na mawala ang ngiti sa mga labi ko kahit na umalis na si Gideon. Tila nawala ang panlalamig sa buong katawan ko. Ayaw ko pa nga sana siyang paalisin, kaso baka iba ang maging dating niyon sa kanya.

Ramdam ko na mabuti siyang tao. Isang patunay ang pagbabalik pa niya ng pera at cellphone sa akin. Kung ibang lalaki ito ay pihadong ginamit na ang mga iyon. Masaya ako dahil siya ang pinagkalooban ko ng aking sarili.

Pero alam ko rin na panandaliang kasiyahan

lamang ito. I can sense that he's not who I think he is. Nadala lamang siya sa nangyari sa amin nang gabing iyon. Hindi siya katulad ko. He's into girls. Nahanap lang niya siguro sa akin ang comfort kaya nagawa niya ang bagay na 'yon.

Napabuntong-hininga na lamang ako. Hahayaan ko na muna ang sarili na maging masaya kahit isang beses lang. I'm suffering for my entire life and it's going to be more miserable kaya nanamnamin ko na lang ito.



Gabi na nang magising ako. Medyo maayos na ang pakiramdam ko, nawala na rin ang panlalamig at pananakit ng ulo ko.

Pagkatapos mag-ayos ay lumabas na ako ng kuwarto. Kasalukuyang tinatawagan ko sa intercom sa Housekeeping Department nang bumukas ang pinto at iniluwa niyon si Gideon tulak ang food cart. Tatawag pa nga lang sana ako para magpakuha ng pagkain pero heto na agad siya.

Nagmamadali namang lumapit sa akin si Gideon. Bakas sa mukha niya ang pag-aalala marahil dahil lang sa tumayo na ako.

"I'm okay now. No need to worry."

"Sigurado kayo, Sir? Baka map'ano kayo niyan.

Ang taas pa ng lagnat n'yo kanina.”

“I’m okay now. How about you? Gabi na. Why are you still here?” nagtatakang tanong ko sa kanya. Sa pagkakaalam ko, tapos na ang oras ng kanyang trabaho.

“Pinapag-stay kasi ako ni Sir Tuazon. Ako na ang inutusan niya para magbantay sa inyo. Sinabi ko kasi sa kanya na nilalagnat kayo. Eh, ’yong sekretarya n’yo, hindi puwedeng hindi umuwi dahil nasa hospital daw ang anak nito.”

“Nasa hospital ang anak ni Miss Reyes? Bakit hindi niya sinabi iyon sa akin?” gulat na tanong ko. Sana ipinaalam sa akin ni Karla ang nangyari sa anak niya para makapag-leave siya sa trabaho.

“Hindi ko alam, Sir, eh.”

“Ikaw? Okay lang ba sa ’yo na gabihin dito? Did you inform your family? Your wife?”

“Wala akong asawa, Sir. Naipagpaalam ko na rin sa mga kapatid ko na baka hindi ako makauwi.”

Napangiti ako sa aking isipan. Hindi ko sinasadya na itanong iyon sa kanya, pero mabuti na lang din at nagawa ko. At least, alam kong wala akong sinisirang pamilya.

“The company will pay for your overtime. Pero okay na ako. You can go home now. Salamat sa

paghatid ng pagkain ko.”

“Walang anuman, Sir. Pero hindi pa rin ako puwedeng umuwi dahil hinabilin kayo sa akin ni Sir Tuazon.”

“I am the boss here kaya inuutos kong umuwi ka na. I can take care of myself.”

Parang gusto kong bawiin ang sinabi ko. Pero kailangan ko ring limitahan ang sarili ko. Natatakot lang kasi ako sa maaring mangyari kapag nagpatuloy ito. Hindi ko naman siya mapapalitan, dahil baka kung ano ang isipin niya sa akin.

Pero what if masanay ako na palagi siyang nakikita? What if mahulog na ako sa kanya? This is all temporary kaya habang maaga pa lang, kailangan ko nang pigilan ang sarili ko.

“Sige, Sir. Eto na ’yong pagkain n’yo. Nagdala na rin ako ng gamot.”

“Sige, pakiayos na lang sa mesa.” Agad naman siyang tumalima. Sinusundan ko lang ang bawat galaw niya. Napatuon ang atensyon ko sa malalaki at bilugang mga braso niya. Parang gusto kong maramdamang muli kung paano ako yakapin n’un nang mahigpit. Na para bang ligtas ako at kayang protektahan ng mga ito.

Dumako ang tingin ko sa kanyang dibdib. Mula

sa pagkakahapit ng kanyang puting polo shirt, nade-define nito kung gaano kalapad at kaganda ang kanyang katawan. Hindi man bumabakat ang kanyang abs alam kong mapipintog din ang mga iyon. Detalyado pa ring natatandaan ng isip at nararamdaman ng palad ko kung gaano ito kapurmado.

Bumaba pa ang tingin ko. Huminto ito sa pagitan ng mga hita ni Gideon. Muli akong napalunok. Naging maalinsangan bigla ang paligid. Iniiwas ko agad ang tingin. Pinagalitan ko ang aking sarili. Ang sama ko. Pinagsasamantalahan ko sa isipan ang taong walang kamalay-malay.

“Puwede na kayong kumain,” anunsyo niya matapos maihanda ang pagkain. Noon lang ako tila nagising.

“Ah, sige. Maraming salamat.”

“Baka may iba pa kayong kailangan.”

“Wala na. You can go home now.”

Pero bago siya umalis, binigyan muna niya ako ng isang ngiti. Awtomatikong napahawak naman ako sa aking dibdib. Para yatang aatakehin ako dahil sa lakas ng dagundong niyon.



Ang ringtone ng cellphone ko ang nagpagising

sa akin kinabukasan. Kinapa ko ito sa drawer at agad na sinagot ang tawag.

“Hello?”

“Hello, son. Pupunta kami ni Rhoana sa hotel at nine. Be prepared, okay? ’Bye!” Pagkasabi niyon ni Mommy ay agad niyang tinapos ang tawag.

Binalot ako ng inis. Talagang itutuloy nila ang kasal. Wala talaga silang pakialam sa nararamdaman ko. Wala nang ibang mahalaga sa kanila kundi pera at kapangyarihan.

Malumanay akong bumangon at nagtungo ng banyo. Habang nasa ilalim ng shower ay nag-iisip ako ng paraan kung paano ako tatakas. Pero natawa na lang ako kinalaunan. Kahit saan ako magtago, mahahanap pa rin nila ako. Ilang beses ko na ring nasubukan iyon. But I’m still hoping that one day I can finally escape from this miserable life.

Nasa kalagitnaan ako ng pag-aayos ng buhok nang makaranig ng mahihinang kalampag mula sa labas ng kuwarto. A smile automatically formed on my lips. Nandiyan na si Gideon.

Agad akong nagmadali sa pag-aayos ng buhok at lumabas ng kuwarto.

“Good morning, Sir. Han...da na ang breakfast n’yo.” Nakita ko ang pagkagulat niya nang makita

ako. Kasunod niyon ang kanyang pagtungo.

Na-conscious tuloy ako. May mali kaya sa suot ko?

“Good morning,” nakangiting bati ko na lang at tumungo na sa mesa kung saan nakahanda na ang pagkain. Nadismaya ako nang konti dahil nag-effort pa akong mag-ayos para sa kanya.

Napabuntong-hininga na lang ako at kinain na ang dinala niyang almusal. Siya naman ay pumasok na sa kuwarto ko para maglinis. Sakto namang pagkatapos ko ay natapos na rin siya.

“Nainom n’yo na ba ang gamot n’yo?” tanong ni Gideon habang nililigpit ang pinagkainan ko.

“Yeah. Thank you nga pala sa pag-aalaga sa akin kahapon at kagabi ha,” saad ko.

Binigyan niya lang ako ng isang matamis na ngiti.

May sasabihin pa sana ako nang biglang bumukas ang pinto at iniluwa sina Mommy at Rhoana.

“Good morning!”

“Good morning, Raiko.”

Napatayo ako mula sa pagkakaupo. Gulat na tiningnan ko ang mga ito. Akala ko mamayang alas nueve pa sila dadating? Mag-aalas ocho pa lang, ah.

Lumapit ang mga ito sa akin at nakipagbeso.

Binati rin sila ni Gideon bago tinungo ang pintuan.

“Napaaga ang dating namin dahil kanina pa ako pinipilit nitong fiancée mo. She’s excited to see you. Why don’t you greet your soon-to-be wife, Raiko?” paliwanag ni Mommy.

Agad na bumaling ang tingin ko kay Gideon na biglang napahinto. Dahil marahil sa narinig. Nilingon niya ako at parang napunit ang puso ko nang makita ang malungkot niyang mukha.

CHAPTER 7

Gideon

Hindi ko maiwasan ang mapamura dahil sa nalaman. May fiancée na pala si Raiko. Sa aming dalawa ay siya pala ang may mapapangasawa na. Naunahan pa niya ako. Sabagay, guwapo at mayaman naman siya kaya hindi malabong mangyari iyon.

Pero bakla siya. Inamin niya sa akin nang gabing iyon. Bakit magpapakasal siya sa isang babae?

Pero sino ba naman ako para magtanong? Malay ko bang itinatago niya pala ang tunay niyang pagkatao? Kung hindi ko nga alam ang kasarian niya, hindi ko siya mapaghahalataan.

Nalungkot naman ako nang abisuhan ako ni Sir Tuazon na huwag ko raw munang dalhan ng

pagkain si Sir Raiko dahil kakain daw ito sa labas kasama ang mommy niya at nobya. Mula nang malaman ko ikakasal na pala siya, nakaramdam na ako ng pagkadismaya. Nawalan tuloy ako ng ganang kumain.

Pagkatapos ng maghapong trabaho ay agad akong nag-ayos ng gamit sa locker para sa pag-uwi. Doon pa rin ako dumaan sa dalampasigan. Habang naglalakad ay napagawi ang tingin ko sa dagat. Kasabay ng malakas na paghampas ng alon ang hangin na dumadampi sa aking balat. Gumaan ang aking pakiramdam.

Patuloy lang ako sa paglalakad hanggang sa hindi ko napansin na dinadala na pala ako ng paa ko sa pinakadulong bahagi ng resort kung saan may naganap sa amin ni Raiko. Sa mismong parte niyon ako tumayo.

Sa puntong iyon, muling nanariwa sa akin ang lahat—bawat pagdampi ng aming mga labi, pagdikit ng aming mga balat, paghaplos ng mga kamay sa katawan ng isa't isa ay detalyadong natatandaan pa ng aking isip. Sa tuwing winawaglit ko ang alaalang iyon ay mas lalo lang itong bumabalik.

Hindi ko nga alam kung nakakatulong iyon dahil hindi ko na masyadong iniisip ang nangyari sa

amin ni Elsa. Hindi na ako nagdadamdang. Iyon nga lang, nakakaramdam pa rin ako ng galit sa kanya. Pero hindi na rin ako nag-aksaya ng panahon para kausapin siya. Hindi ko na ipagpipilitan ang sarili ko. Ipinapamukha na nga niya sa akin kung gaano ako kawalang-halagang tao. Siguro kung hindi ko pa nakita na may kasama siyang iba, nagtatangatangahan pa rin ako hanggang ngayon.

Napaupo na lang ako sa buhangin. Itinukod ko ang mga palad doon. Tumingala ako sa langit at pumikit. Nagdasal ako. Ipinagdarasal ko na sana bigyan pa ako ni Lord ng katatagan para harapin ang buhay. Na sana kung ano mang dagok ang dadating ay makakayanan ko pa ring harapin.

Nasa ganoon akong posisyon nang may naramdaman akong naglalakad. Mabilis kong hinanap kung may tao sa paligid at nagulat na lamang ako nang makita ko si Raiko na nakaupo na pala sa tabi ko.

Agad akong umayos ng upo at binati siya. “Kayo pala, Sir. Ano’ng ginagawa n’yo rito?”

“I just want to have peace of mind. How about you? Bakit hindi ka pa umuuwi?” aniya sabay tingin sa bag ko.

“Katulad n’yo rin, Sir.”

“Gan’on ba? Puwedeng makiupo rito?”

“Oo naman. Nakaupo na nga kayo. At saka, sa inyo naman itong resort.”

“It’s not mine. Sa parents ko.”

“Ganoon na rin iyon. Kayo ang anak nila kaya sa inyo na rin ito.”

“Gan’on ba ’yon?” Napatawa siya. Napatawa na rin ako.

Wala nang nagsalita sa sumunod na sandali. Pareho na lang kaming nakatingin sa dagat. Pero panay naman ang sulyap ko sa kanya na malayo ang tingin at tila may malalim na iniisip.

“You know what, parati kong hinihiling na hindi sana ako nabuhay nang ganito. Hindi pinanganak na mayaman. Siguro kung iba sana ang buhay na ginagalawan ko, hindi ko sana dadanasin ang ganito.”

Nakakunot-noong napatingin ako sa kanya.

“Pakiramdam ko, ang malas-malas ko.”

“Kung alam n’yo lang kung gaano kayo kapalad sa buhay, Sir. Naiinggit nga ako sa inyo dahil kahit hindi kayo magtrabaho ay sigurado na ang kinabukasan n’yo. Hindi tulad ko na kapag hindi nagkayod at nagbanat ng buto ay malamang sa kangkungan pupulutin. Huwag n’yo namang sabihin na malas kayo dahil maraming gustong magkaroon

ng buhay na katulad ng sa inyo.”

Bakit niya ito nasasabi? Hindi ba niya alam kung gaano siya kasuwerte? Ang iba nga diyan, gumagawa na ng masama para lang umangat sa buhay.

“Oo, marangyang buhay ang kinagisnan ko, pero ni minsan ay hindi ako naging masaya. Malas pa rin ako.”

Kita ko ang lungkot sa kanyang mga mata.

“Lahat naman tayo ay naghahangad ng ibang buhay. It's a matter of acceptance na lang, 'ika nga, sa kung ano ang nakalaan para sa 'yo. Ikaw din naman kasi ang gumagawa ng mga desisyon mo sa buhay. At kung sa tingin n'yo ay wala na kayong pag-asa, nagkakamali kayo. Katulad nga sa kasabihan, 'habang may buhay, may pag-asa.' Kaya kung ano man ang dinadala ninyo ngayon, makakayanan n'yo rin iyan. Tiwala lang sa Diyos dahil tutulungan ka Niya. At saka piliin n'yo po ang magpapasaya sa inyo kahit maging mali man ito sa paningin ng iba. Mahirap din kasi na ilagay sa posisyon ang iyong sarili na tama nga sa paningin ng iba pero kabaligtaran naman sa 'yo. Isang beses lang tayo mabubuhay sa mundong ito kaya piliin ninyo kung ano ang magpapasaya sa inyo.”

Napatingin si Sir Raiko sa akin na ikinaiwas ko

ng tingin. Nag-init ang aking pisngi.

“Pasensya na kayo, Sir. Ang dami kong sinasabi. Huwag n’yo na lang aalalahanin iyon,” nahihiyang sabi ko.

Nang sulyapan ko siya ay nakangiti na siya.

“It’s okay. Medyo napapaisip nga ako sa mga sinabi mo. Tama ka rin naman. In life, we need to accept, decide, and choose between things. Some people will interrupt, but we always have the final say.”

“Oo naman, Sir,” pagsang-ayon ko. Ngumiti lamang siya at muling ibinalik ang atensyon sa dagat. “Pero mukhang malaki ’ata ang pinagdadaanan n’yo,” usisa ko.

“Wala namang nagbago.”

“Malaki pa ba ang pinagdadaanan n’yo niyan, eh ang ganda nga n’ung mapapangasawa n’yo?” pang-uuyam ko. Tila natauhan naman ako sa aking sinabi. Ano ba namang bibig ’to? Minsan wala nang preno, kaya napapahamak ako. “Pasensya na ho.”

“It’s okay. That’s also my problem.”

“Bakit naman?” Hindi ko maiwasang magtanong. Gusto ko lang malaman kung bakit problema niya ang fiancée niya. Hindi ko lang mapigilan kahit alam kong nanghihimasok na ako.

“We’re fixed. Mga magulang lang namin ang may pakana ng lahat. They decided to marry us without our consent. Pero mukhang okay naman sa mapapangasawa ko ang kasal at ako lang ang may tutol.”

Mas lalo akong naawa para sa kanya pero hindi ko maiwasang makaramdam ng kakaibang kasiyahan dahil hindi niya gusto ang kasal. Hindi niya pinagtatakpan ang sarili niya.

Hindi na ako nagtanong dahil ramdam ko na ayaw niyang pag-usapan ang tungkol doon. Hindi na rin siya nagsalita at napatingin na lang kami sa dagat na ngayon ay mas lumalakas pa ang alon.

Naintindihan ko siya. Mahirap naman talaga kapag ibang tao ang nagdesisyon para sa ’yo. Kinokontrol ang buhay mo na parang wala kang karapatang piliin ang gusto mo. Na mas alam pa nila ang nararapat para sa ’yo.

Mayamaya ay tumayo na si Gideon. “Let’s go. It’s getting dark already. Parang uulan na rin ata.”

Tahimik kaming naglakad pabalik. Paminsan-minsan ay sumusulyap ako sa kanya. Mukhang malalim pa rin ang iniisip niya.

Nang nasa daan na kami patungong second gate ay nagpaalam na ako sa kanya. “Mauuna na ako, Sir.”

“Okay. Sige.” Tumango ako at tumalikod. Nakakailang hakbang pa lang ako nang tawagin niya ako.

“Sandali lang, Gideon!”

Humarap ako sa kanya.

“Bakit, Sir?”

“Ahm... W-wala. Mag-iingat ka.”

Napangiti ako sa sinabi niya. “Maraming salamat. Ikaw din, Sir. Mag-iingat ka.”

“I will,” turan niya at tuluyan na akong umalis.

Tila wala ako sa sarili nang makauwi sa bahay. Hindi ko nga napansin na may bisita pala kami. Nasa isip ko pa rin kasi si Raiko at kung gaano siya kalungkot kanina.

Nagulat ako nang makita si Andrea. Kaibigan siya ng ex-girlfriend kong si Jennifer, na nobya ko bago kami naging kasintahan ni Elsa. Sa tabi niya ay isang maliit na bata. Sa isang mahabang sofa ay nakaupo ang mga kapatid ko na matamang nakatingin sa akin.

“Andrea? A-ano’ng ginagawa mo rito? At sino iyang batang kasama mo?” Biglang bumilis ang tibok ng puso ko, lalo na nang magtagpo ang mga mata namin nito.

“Kanina pa sila naghihintay sa ’yo. Mabuti pa’t

umupo ka na para makapag-usap tayo nang maayos,” sabi ni Kuya Den.

“Ano’ng ibig sabihin nito, Andrea?” tanong ko sa babae pagkaupo ko sa harap niya.

“Hindi na ako magpapaliguy-ligoy pa, Gideon. Kakamatay lang ni Jennifer dalawang linggo na ang nakakaraan. At itong batang kasama ko ay ang anak ninyong dalawa.”

Tila bombang sumabog sa utak ko ang sinabi ng babae.

Hindi ako nakapagsalita. Sobrang gulat na gulat ako sa nalaman. Nakatitig lang ako sa bata kasabay ang mabilis na tibok ng puso ko.

“Hinabilin sa akin ni Jennifer bago siya namatay na ibigay ko raw sa ’yo ang bata. Cervical cancer ang ikinamatay niya. Hindi na kinaya ng kaibigan ko ang sakit kaya binawian siya ng buhay.” Ramdam ko sa boses ni Andrea ang lungkot dahil sa pagpanaw ng kaibigan. Ang mga kapatid ko naman ay nanatiling tahimik.

“Totoo ba talagang anak ko ang batang ’yan? Baka nagkakamali lang si Jennifer?”

Hindi ko naman itatanggi na may nangyari sa amin ni Jennifer noong kami pa. Pero bakit hindi man lang niya sinabi sa akin na nabuntis ko siya?

Bakit niya inilihim sa akin ito? Baka sa ibang lalaki ito at sa akin niya lang ipinapasagot.

“Tingnan mo nga ang bata, Gideon. Para kayong pinagbiyak na bunga. Hindi maikakaila na kamukha mo si Gadfray,” giit niya.

Napatitig ako sa bata. Tama si Andrea. Kamukhang-kamukha ko nga ang paslit.

“Bakit hindi man lang niya ipinakilala sa akin ang bata noon?”

“Natakot si Andrea na baka kapag nalaman mo ang tungkol kay Gadfray ay takbuhan mo siya. Alam kasi niya na hindi ka pa handang maging ama. At nangako rin ako sa kaibigan ko na hindi ko ito sasabihin sa 'yo kahit kating-kati na akong ipaalam. Huli ko na kasi nalaman na may cancer pala siya. Iyon ang inihabilin niya habang nakaratay siya sa ospital. Sana naman matanggap mo si Gadfray. Kawawa ang bata, Gideon. Kailangan niya ng ama ngayon, lalo pa't hindi pa niya natatanggap ang pagkawala ng nanay niya.”

Napatingin ako sa paslit na bakas sa mukha ang kalungkutan. Mahigpit din ang pagkakahahawak ng mumunting kamay nito sa laylayan ng damit ni Andrea.

“Mabait na bata si Gadfray, Gideon. Huwag mo

lang siyang papagalitan at sisigawan dahil mahirap siyang patahanin. Huwag na huwag mo rin siyang pababayaan. Mahalin mo siya kahit iyon na lang ang maibigay mo kay Jennifer.”

Tumango na lamang ako bilang tugon. Nakatitig lang ako sa anak ko. Ang mga kapatid ko na ang kumausap kay Andrea hanggang sa magpaalam ito. Inabisuhan niya ang mga kapatid ko na dadalawin na lang niya ang bata. Hindi naman tumutol ito nang umalis si Andrea. Ngayon ay nakayuko na lang ito at hinahawakan ang shorts na maong.

Hanggang ngayon ay gulat pa rin ako sa nangyari. Hindi ko lubos maisip na magkakaroon ako ng anak nang hindi ko man lang nalalaman.

“Gideon,” tawag ni Kuya El sa akin. Inutusan niya ako na lapitan ang bata.

Tumango ako at nag-aalangang lumapit dito. Kinakabahan din ako.

“Ahm... kumusta ka?”

Hindi ito umimik. Nang magsasalita na ako ay bigla na lang itong humikbi. Agad akong nataranta. Wala akong alam pagdating sa bata.

“Mama...” Tuluyan itong umiyak.

Hindi ko naman malaman ang gagawin kaya napaatras na lang ako. Nakita ko na lamang na ang

mga kuya ko na ang kumausap at nagpatahan sa paslit.

“Wala pang isang araw, Gideon, pinaiyak mo na agad ang junakels mo! Kaloka ka!” sabi ni Kuya Fred.

Si Kuya El ang nasa harap ng bata, kinakausap ito. Mayamaya ay tumahan din ang paslit.

“Huwag ka nang umiyak baby ha,” ani Kuya El. Tumango ito. “Ayan. Good boy naman pala itong si Gadfray, eh.”

Inutusan na lang ako ni Kuya Den na dalhin sa kuwarto ko ang mga gamit ni Gadfray na nakasilid sa isang malaking duffle bag. Habang nasa kuwarto at nagbibihis, iniisip ko kung paano na ang mangyayari sa akin. Tiyak, magbabago na ngayon ang buhay ko.

Sumalubong sa akin ang maiingay na boses ng mga kapatid ko. Narinig ko rin ang mumunting tawa ng bata. Muling bumilis ang tibok ng puso ko at may kung anong kakaibang pakiramdam na umusbong sa aking puso. Pinagmasdan ko lang sila, lalo na ang bata.

Hindi ko alam kung paano ko siya kakausapin. Baka iiyak na naman siya. Nang makita ako ni Kuya Fred ay sinenyasan niya ako na lumapit sa kanila na agad ko namang tinugon. Napalunok ako nang pinagkakatigan ako ng bata.

“Gadfray, mag-hi ka sa papa mo.”

“Hi po, Papa,” bati nito sa akin. May kung anong humaplos sa puso ko nang marinig ko sa kanya ang salitang ‘Papa’.

“H-hi,” nauutal na sambit ko. Nagulat naman ako nang yakapin ako nito.

“Huwag ka ngang tanga diyan, Gideon. Yakapin mo rin ang anak mo.” Sinunod ko ang utos ni Kuya Den. Hindi ko namalayang napatulo na pala ang luha ko.

“Bakit kayo umiiyak, Papa?” tanong nito nang bumitaw sa yakap ko. Ngumiti ako habang nagpapahid ng luha.

“Happy lang si P-Papa.”

“Ako din, Papa. Happy po ako kasi kasama ko na ang papa ko.”

Napangiti ako. Mabuti na lamang at mabilis nagsink in sa akin ang lahat. Mabilis kong natanggap na may anak na ako. Marahil kung mas bata ako ay mahihirapan akong tanggapin ito. Magsisisi man ako ngayon, wala na rin akong magagawa pa. Nandito na ito at ang kailangan ko na lang gawin ay maging handa bilang isang ama. Titingnan ko na lang ang positibong maidudulot nito.

Niloko man ako ni Elsa, may isa namang anghel

na dumating sa akin. Aalagaan at mamahalin ko na lang si Gadfray. Tutuparin ko ang hiling ng namayapa niyang ina. Hindi ko ipagkakait sa kanya ang pagmamahal ng isang magulang. Marami man akong kabiguan at kamalian, may isang rason naman ako para ipagpatuloy ang buhay.

CHAPTER 8

Raiko

Humugot muna ako ng hangin bago lumabas ng kuwarto. Isang malapad na ngiti ang nakaukit sa aking mga labi. Naging maganda ang gising ko dahil nagdesisyon na ako. Na-realize ko ang mga sinabi sa akin ni Gideon kahapon. Dapat piliin ko kung ano ang magpapasaya sa akin at iyon ang pinipili ko.

“Good morning, Sir!” masayang bati niya nang makita ako.

“Good morning...” Nangunot ang noo ko nang mapansin ang kakaibang ngiti niya. “What’s the smile for?” hindi maiwasang tanong ko. Naglakad ako papunta sa table ko. Siya naman ay pinagpatuloy ang paglilinis.

“Masaya lang kasi ako, Sir.”

“That’s good. May I know why?”

“May dumating kasing importanteng tao sa buhay ko ngayon. May rason na ako para maging masaya.”

Tila kung may anong kumurot sa puso ko sa narinig. I feel jealous, because I have already feelings for him. Simula pa noong may nangyari sa amin.

“Mukhang espesyal ang taong iyan ha?” May bakas ng dismaya sa boses ko. Mukhang hindi naman napansin ni Gideon dahil nakangiti pa rin siya, tila iniisip ang taong iyon.

“Espesyal na espesyal ho, Sir.”

Hindi na ako nagsalita pa at itinuon na lang ang pansin sa mga papeles na nasa mesa ko. Instant na nawala ang kasiyahang nararamdaman ko dahil sa nalaman.

Dapat na ba akong umatras? I should. Sa nakikita ko kasi ay masaya siya sa taong iyon. Ang sakit pala ng ganito.

“Eh kayo, Sir? Bakit parang biglang sumama ang umaga n’yo eh kanina lang nakangiti kayo?” tanong ni Gideon na ikinagulat ko. Ganoon ba ako kahalata kaya kaagad niyang napansin?

“Nalaman ko kasi na ang taong espesyal sa akin

ay may espesyal na ring tao sa kanya.”

“Aw, masakit iyon, Sir. Napagdaanan ko na rin ’yan. Ilang beses na. Pero itong taong ’to ngayon ay sobrang espesyal sa akin at alam kong hindi niya ako sasaktan at iiwan.”

Bakit kailangan pa niyang sabihin ’yon? Wala na. Sira na ang araw ko.

“Why don’t you continue what you were doing?” masungit na sabi ko.

Nakita ko ang gulat sa mukha ni Gideon, kasunod ng pagtungo. Gusto ko tuloy bawiin ang sinabi ko. Hindi ko gustong sungitan siya, nadala lang ako sa naramdaman ko.

“Pasensya na, Sir.” Muli niyang itinuloy ang trabaho.

Mas lalo akong na-guilty. Hindi na ako nagsalita pa. It’s better this way. At least habang maaga ay alam ko nang wala akong pag-asa sa kanya. Kung bakit kasi umasa pa ako? Pinaniwala ko lang ang sarili ko na ang isang tulad ko ay kayang mahalina ng isang tulad niya. Parang wala nga lang sa kanya ang nangyari sa amin, kahit pa sinabi kong kalimutan na namin iyon.

Ngayon pa lang ay dapat ko nang itigil ang kahibangang ito bago pa ako masaktan.

Mayamaya ay nagpaalam na si Gideon. Doon naman ako tuluyang nakahinga nang maayos. Pero nandoon pa rin ang kirot sa dibdib ko. Unang attempt pa lang, nasawi na agad ako. Sa dinami-dami ba naman kasi ng lalaki sa mundo, bakit sa kanya pa ako nahulog?

Parang wala ako sarili habang nagtatrabaho. Kahit ang meeting kasama ng mga executive officers ay hindi ako nakapag-focus. Ipapa-review ko na lang mamaya sa secretary ko ang tungkol sa mga presentation.

Sinadya kong hindi muna umakyat sa office dahil alam kong naroon si Gideon para ihatid ang pagkain ko. Nanatili muna ako sa conference room at kinausap ang ilang staff doon.

Saktong alas doce nang umakyat ako sa aking opisina. Wala siya pagdating ko. Agad akong kumain at nagpahinga.

Pinagpatuloy ko ang pag-iwas kay Gideon sa mga sumunod na araw. Minsan, nagpapaabiso akong huwag na akong hatiran ng lunch. Nag-iisip din ako kung papapalitan ko siya para tuluyan na siyang mabura sa buhay ko. Subalit kung gagawin ko iyon ay baka ma-offend ko siya. Ayaw ko namang magkaroon ng pangit na image sa mga empleyado

ko.

Sa mga araw ding iyon ay bumibisita si Rhoana. Hindi ako nagpapakita ng interes sa kanya dahil wala naman talaga. Mabilis lang ding natapos ang pag-uusap namin dahil maiikling salita lang ang isinasagot ko at minsan tango na lang. Para kapag na-disappoint ay siya na rin mismo ang tututol sa kasal.

“Ahm, can I ask you a question?” tanong ni Rhoana.

Nandito ulit siya sa opisina ko. Halos inaaraw-araw na niya ito. Wala ba siyang ibang ginagawa?

“Nang bumisita ako n’ong isang araw with your mom, I saw a guy here. Hindi ko na siya nakikita ngayon?”

Hindi talaga niya makikita si Gideon nang ganitong oras dahil naghahatid lang naman ito ng pagkain. Maaga ito kung maglinis. At hapon na kung bumisita si Rhoana.

Pero bakit naman niya hinahanap si Gideon? Don’t tell me may gusto siya rito? No way! Magiging kaagaw ko pa ang fiancée ko sa lalaking gusto ko.

Kaagaw?

Oo nga pala. May iba nang mahal si Gideon.

“Kakalis niya lang pagdating mo.”

“Okay,” tila dismayadong tugon naman niya. Tiningnan ko siya nang may pagtataka.

Gosh! This is ridiculous.

Damn you, Gideon!



“May 14 will be the exact date of your wedding day,” hayag ni Mommy nang bisitahin niya ulit ako kasama si Rhoana para sa pagpaplano ng kasal.

“What?! That’s two months from now. Bakit napakabilis naman, Mom?”

“Lower your voice, Raiko. Your fiancée is here. I’m so sorry, Rhoana. Nabigla lang ang anak ko.”

“It’s okay, Tita. I understand.”

“Actually, we adjusted the date para makilala pa ninyo ni Rhoana ang isa’t isa. Why don’t you date her, Raiko?”

Anong date? Date herself. Ikakasal na nga kami, eh.

Bakit hindi na lang sila ang mag-date tatal sila naman parati ang magkasama?

Parang gusto kong magwala ngayon. Bakit ganyan sila nagpapadalus-dalos ng desisyon? Masyadong maaga, lalo pa’t ang gulo-gulo ng isip ko ngayon dahil kay Gideon.

Hindi na ako sumagot at itinuon na lang ang

pansin sa mga papel na nasa harap ko.

Nagpatuloy sa pagsasalita si Mommy pero maiikling salita lang ang isinasagot ko. Tungkol sa detalye ng kasal ang sinasabi niya. Nakikita ko na rin ang iritasyon sa mukha niya. She's just controlling herself so as not to burst out because Rhoana's here.

Nasa kalagitnaan kami ng diskusyon nang may kumatok sa pinto. Napatuon ang aming atensyon doon. Pagkuway bumukas ito at iniluwa niyon si Gideon dala ang lunch ko.

Tila naitulos ako sa aking kinauupuan at napaawang pa ang labi ko. Mas lalong na-define kung gaano siya kaguwapo dahil sa bagong ayos ng kanyang buhok.

Nakita ko ang gulat sa mukha ni Gideon nang makita ang mga kasama ko. Agad siyang bumati sa mga ito.

“Good morning, Sir, mga Ma’am. Sir, ito na ang lunch n’yo.”

Bumaling ang tingin ko kay Rhoana. Mataman itong nakatitig kay Gideon. Nangingiti pa ang babae at mahinhing hinawi ang buhok. Agad na lumukob ang inis sa pagkatao ko.

“Sa labas kami kakain ngayon. Pakibalik na lang ’yan.”

Bakit kasi nakalimutan kong abisuhan si Mr. Tuazon? Ayan tuloy, nakita ng fiancée ko si Gideon. I don't know but I feel threatened.

“S-sige, Sir.” Tumulikod na siya at lumabas ng opisina. Nakita ko ang dismay sa mukha ni Rhoana.

“You have nice employees here, Tita. They look all presentable.”

Hindi maiwasan ng kilay ko na mapataas sa sinabi ni Rhoana. As if iyon talaga ang tinutukoy niya. If I know, guwapung-guwapo siya kay Gideon. Playing safe din, eh.

“Of course! We are one of the best five-star hotels in the country, that's why we need to have the best employees we can have.”

“That one looks handsome, Tita,” nakangiting komento pa ni Rhoana. Tila natigilan naman si Mommy. Napansin agad iyon ng una at agad na bumawi, “But Raiko is more handsome.” At tumawa pa ang dalaga.

“Yes, of course! Raiko is more handsome than anyone else.”

Kung sabihin ko kaya kay Mommy na ang magaling kong fiancée ay may gusto sa empleyado ko? Para naman hindi na nila ituloy ang kasal.

But I can't defend it. Hindi naman maniniwala

si Mommy at hindi siya papayag na magkagusto ang tulad namin sa isang kagaya ni Gideon. Masyado siyang particular sa tao, dapat mga kalebel niya lang ang nakakasalamuha niya. The image and power of a person is important to her.

Sa isang restaurant sa hotel kami kumain. Tumagal lang kami nang ilang oras dahil may pupuntahan pa raw si Mommy. Nagpaiwan naman si Rhoana at sumama pa sa akin pabalik sa opisina. Akala niya yata ay makikita niya ulit si Gideon kaya umalis din siya kalaunan pagkatapos madismaya.

She's sweet with me when mom's around pero kapag wala na ang huli ay kaswal na lang siyang makipag-usap sa akin. Minsan, naiisingit pa niyang pag-usapan si Gideon. Para hindi siya mapaghalataan ay dinadaan niya sa ibang bagay. Tulad na lang kung maayos ba raw magtrabaho ang mga empleyado sa hotel, hanggang sa mapunta na kay Gideon.

But with this, there's a possibility the wedding will be canceled. I just need more time to confirm if Rhoana has something for Gideon, so I can talk to her and ask her frankly if she wants to continue the wedding or not. Sa tingin ko naman kasi, kami pa rin ang magdedesisyon sa mga gusto namin sa

buhay. I hope so.

Kinabukasan, bumalik ulit si Rhoana. Hindi ko inaasahan na bibisita siya nang maaga at mas lalong ikinagulat ko ang inihayag niya.

“I will be living here until we get married. Your mom asked me to stay here in order for us to know each other more. I thought it was a good idea so I agreed.”

Tumango na lang ako. Ano pa nga ba ang magagawa ko? “Suit yourself.”

Hindi naman daw siya rito sa kuwarto ko mag-i-stay. She will occupy a room on the next floor. Of course! Hindi ako papayag na makatabi siya. Mabuti naman at may delikadesa rin siyang babae.

Salita siya nang salita. Hinayaan ko lang. Napansin niya ang pananahimik ko kaya tumahimik na rin siya. She went to the sofa. Itinuon niya ang pansin sa cellphone niya. I saw her taking a selfie. Mukhang mahilig sa social media.

Mayamaya ay dumating si Gideon. Bumaba lang kasi ito para kunin ang breakfast ko. Hindi raw ito naihanda agad kanina nang umakyat siya para maglinis. Nakita ko naman ang pasimpleng pag-aayos ni Rhoana ng sarili bago humarap kay Gideon.

“Good morning, Sir, Ma’am.”

“Good morning,” magiliw na bati naman ng magaling kong fiancée.

Nairita ako. Hindi kay Rhoana kundi kay Gideon. Bakit ba kasi ganito kalakas ang appeal niya? Minsan naman papangitin niya ang sarili niya, para hindi siya pakitaan ng interes ng ibang tao!

“Did you have your breakfast, Rhoana?” sa halip ay tanong ko na lang sa babae.

“Y-yes. Tapos na ako.” Tila nabalik ito sa sarili. Grabe kasi kung makatitig kay Gideon.

“Pakiayos na lang sa pantry iyan, Gideon.”

Tumango ang binata at pumunta na roon. Awtomatikong napataas ang kilay ko nang pasimpleng naglakad papunta roon si Rhoana. Bago pa man nakarating doon ang huli, tinawag ko na ang pansin niya. Parang nagdadalawang-isip pa siya, pero sa huli ay lumapit din siya sa akin. Napailing na lang ako.

This is great! Kaagaw ko nga talaga siya kay Gideon.